

4

AP Tek

Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan

May-akda

Inah Mariz Peralta

**Aligned with
MATATAG Curriculum**

APTek 4

Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan

May Akda

Inah Mariz Peralta



Trademark ng TechFactors Inc.

Karapatang-ari 2024 ng TechFactors Inc.

Reserbado ang lahat ng karapatan. Ipinagbabawal na sipiin ang anomang bahagi ng aklat na ito nang walang pahintulot mula sa mga may-akda o sa tagapaglathala.

Unang limbag ng ikalawang edisyon, 2024
ISBN

Inilathala ng TechFactors Inc.
Inilimbag sa Pilipinas

Manunulat: Inah Mariz Peralta

Tagapagdisenyo ng Pabalat: Christian Andrew B. Sabado

Pangkat ng Pamamahala: Inah Mariz Peralta

Tagaguhit at Tagapagdisenyo: Joseph Timothy Bago

Exclusively distributed by TechFactors Inc.
101 V. Luna Ave., Sikatuna Village,
Diliman, Quezon City
1101 Philippines

Telephone number: (632) 8929 6924
Email address: info@techfactors.com
Website: www.techfactors.com

Images with license from Freepik (<https://www.freepik.com>)

Ang nilalaman ng aklat na ito ay pagmamay-ari ng TechFactors Inc. at pawang mga orihi-
nal at sariling katha ng may akda, kabilang dito ang mga larawan at ilustrasyong ginamit sa
bawat aralin. Anomang pagkakawangis ng ibang larawan sa likha ng iba ay hindi sinasa-
dya at nagkataon lamang.

PAUNANG SALITA

Ninangais ng TechFactors Inc. na gawing epektibo, may patutunguhan, at makabuluhang karanasan ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng de-kalidad at may katuturang kagamitan para sa mga Pilipinong mag-aaral. Itinataguyod ng TFI ang edukasyonal na pag-unlad sa mga programang akademiko sa mga paaralan at tinutugunan ang kanilang pangunahing kasanayansaiba'tibanglarang. Pinalalagorin ang indibidwalidad ng mga mag-aaral, kakayahang solusyonan ang mga problema, at malikhaing kakayahan gamit ang outcome-based approach. Ang ganitong pamamaraan ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na maging mapang-usisa at kusang magtuklas mula sa sarili nang sa gayon ay magkaroon sila ng mayamang karanasan.

Ang aming layunin ay magbigay ng makabuluhang edukasyon sa mga mag-aaral mula K-12 ayon sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa kanilang Makabansa Kurikulum. Ang bagong kurikulum na ito ay hindi lamang nakakaimpluwensya sa estilo ng pagtuturo kundi pati na rin sa mga pamamaraan ng pagsusuri, na nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapanatili ng kaalaman. Ang aming disenyo sa pagtuturo ay nakahanay sa konteksto ng Pilipinas na bumubuo sa koneksyon ng praktikal na aplikasyon at nagtataguyod ng kolaborasyon at malikhaing kakayahan sa pagitan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, tinitiyak namin na makakamtan ng mga mag-aaral ang mahahalagang kasanayan para sa ika-21 siglo, kabilang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, pagkamalikhain, at kolaborasyon—mga kasanayang angkop at mahalaga para sa paghahanda sa kanilang pangmalawakang larang.

Sa paggamit ng mga programang pang-edukasyon ng TFI, ang mga tagapagturo ay binibigyan ng mahahalagang sanggunian na nagsisilbing pundasyon para sa pagpapaunlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayang mahalaga sa pagharap ng mga hamon at pagkakataong dulot ng mabilis na pagbabago sa mundo. Ibinabahagi namin ang bisyon ng DepEd na maging inklusibo, integratibo, at makabago ang mga silid-aralan na ang pangunahing layunin ay makabuo ng mga mag-aaral na makatutulong sa pagtataguyod ng isang progresibo at nagkakaisang bansa—isang bansang maunlad sa ekonomiya, matatag sa sosyo-politikal, nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba, at kakayahang magpatuloy sa mahabang panahon.

TechFactors Inc.

Paraan ng Paggamit ng Aklat

Ang paglalarawan sa bawat seksyon ng aralin sa ibaba ay magsisilbing-gabay sa pag-unawa ng nilalaman at layunin ng aklat para sa isang masaya at makabuluhang paglalakbay sa pagkatuto ng mag-aaral.



Layunin

Sa bahaging ito mababasa ang itinakdang layunin at inaasahang matutuhan ng bawat mag-aaral.



Pagsasaka ng Kagalingan

Ito ay naglalaman ng maikling pagsasanay na gagabay sa mga mag-aaral upang maging handa sa tatalakaying aralin.



Pagtatanim ng Kaalaman

Pagtalakay sa paksa ng aralin at mga kaalamang kailangang matutuhan ng bawat mag-aaral.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Naglalaman ng pang-klaseng gawain na nakaugnay sa MAPEH na magtatasa sa mga natutuhan ng mag-aaral sa aralin.



Pagpupunla ng Kahusayan

Naglalaman ng pang-indibidwal na gawain na nakaugnay sa MAPEH na magtatasa sa mga natutuhan ng mag-aaral sa aralin.



Pag-aararo ng Kabuoan

Maikling buod na naglalaman ng mga impormasyon na tinalakay sa buong aralin.



Pag-aani ng Kakayahan

Ito ay naglalaman ng gawaing pagganap upang magbigay-daan sa mag-aaral na maipakita ang kaniyang naunawaan sa tinalakay na aralin. Dito rin inilapat ang Place-based Approach.

Ano ang Bago?

Kami ay nasasabik na ibahagi ang mga pagpapahusay sa aming APTEK courseware, na maingat na idinisenyo upang pagyamanin ang iyong paglalakbay sa pag-aaral.

- Ang mga aralin ay nakahanay sa bagong Makabansa Kurikulum mula sa Kagawaran ng Edukasyon.
- Isang komprehensibong pangkalahatang ideya ang idinagdag, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pangunahing paksa, layunin, at inaasahang resulta ng pag-aaral sa bawat yunit at aralin.
- Hinimay ang mga aralin para sa mas malinaw na pagtuturo.
- Ginawang mas makatotohanan ang mga pagtalakay upang maging praktikal na aplikasyon sa buhay.
- Mga pagsasanay para sa indibidwal at pangkatang gawain.
- Naglagay ng mga karagdagang makukulay na ilustrasyon sa iba't ibang bahagi ng aralin.
- Itinampok ang mga bago at pinahusay na *interactives*.

TUNGKOL SA MANUNULAT

Inah Mariz B. Peralta

Si Inah Mariz B. Peralta ay nagtapos ng kolehiyo sa kursong Batsilyer ng Artes sa Filipinolohiya sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Siya ay nag-on the job training noong 2016 sa People's Tonight at naging Student Teacher sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas noong 2017. Siya ay nakapaglathala ng tesis sa PUP na pinamagatang "*Pagkilatis sa mga Piling Talumpati ni Pangulong Rodrigo Duterte Gamit ang Critical Discourse Analysis*" noong 2017 at nakapaglathala rin siya ng libro sa PUP noong 2017 na pinamagatang "*Leksikograpiya sa Prutas at Gulay*". Siya rin ay nagkamit ng *Dean's Lister*, Parangal: Pagpapakilala at Pagpapahalaga sa Galing at Talinong KAL noong 2014-2017. Naging miyembro rin siya ng KF UTAK (Ugnayanng Talino at Kagalingan) noong 2014-2018, Anakbayan PUP noong 2015-2018, at PUP Tanggol Wika noong 2016-2018. Siya ay nagtatrabaho sa *TechFactors Inc.* bilang *Content Developer* mula 2018 hanggang sa kasalukuyan.

TALAAN NG NILALAMAN

Kabanata 1:	Ang Heograpiya ng Pilipinas	1
Aralin 1	Ang Kinalalagyan ng Aking Bansa	2
Aralin 2	Ang Teritoryo ng Aking Bansa	9
Aralin 3	Mga Kasunduan, Batas, at Kasulatan na Nagtatakda ng Tiyak na Teritoryo ng Pilipinas	17
Aralin 4	Ang Katangiang Pisikal ng Aking Bansa	24
Aralin 5	Ang mga Pangkat-etniko ng Aking Bansa	39
Aralin 6	Kahalagahan ng Heograpiya sa Pag-unlad ng Aking Bansa	48
Kabanata 2:	Ang Pambansang Ekonomiya	56
Aralin 7	Ang Yamang Likas ng Aking Bansa	57
Aralin 8	Pakinabang Pang-ekonomiko ng Likas na Yaman ng Aking Bansa	64
Aralin 9	Hamon sa mga Gawaing Pangkabuhayan	72
Aralin 10	Pagtuon sa mga Gawaing Pangkabuhayan	79
Aralin 11	Mga Hamon sa Pagkamit ng Likas-kayang Pag-unlad	87
Aralin 12	Mga Gawaing Nagsusulong ng Likas-kayang Pag-unlad	96
Kabanata 3:	Ang Pambansang Pamahalaan	106
Aralin 13	Mga Elemento ng Pagkabansa	107
Aralin 14	Ang Pambansang Pamahalaan	112
Aralin 15	Serbisyo ng Pamahalaan sa Pang-edukasyon, Panlipunang Kaligtasan, at Pangkalusugang Aspekto	119
Aralin 16	Serbisyo ng Pamahalaan Para sa Pangkapayapaan at Pang-ekonomiyang Aspekto	128
Aralin 17	Serbisyo ng Pamahalaan Para sa mga Programang Pangimpraestruktura	136
Aralin 18	Serbisyo ng Pamahalaan sa Iba't Ibang Programa	142

Kabanata 4:	Ang Pagkakakilanlan at Pagkamamamayang Pilipino	149
Aralin 19	Mga Sagisag ng Pagkakakilanlang Pilipino	150
Aralin 20	Pagkamamamayan	156
Aralin 21	Karapatan ng Mamamayang Pilipino	163
Aralin 22	Tungkulin ng Mamamayang Pilipino	170
Aralin 23	Kagalingang Pansibiko	176
Aralin 24	Pagpapahalaga sa Papel ng Mamamayan sa Kagalingang Pansibiko	182

KABANATA 1

ANG HEOGRAPIYA NG PILIPINAS

Sa kabanatang ito, ang mag-aaral ay makapagpapamalas ng pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal at makagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa.



ARALIN 1

Ang Kinalalagyan ng Aking Bansa



Matutukoy mo sa araling ito ang heograpiya o kinalalagyan ng Pilipinas at magamit ang mapa o globo sa pagtukoy ng tiyak na lokasyon at relatibong lokasyon ng bansa.



Layunin

- ◇ Malaman ang heograpiya ng Pilipinas.
- ◇ Matukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon.
- ◇ Malaman ang kahulugan ng latitude at longitude sa tiyak na lokasyon.
- ◇ Matukoy ang kahulugan ng lokasyong bisinal at lokasyong insular sa relatibong lokasyon.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Isulat sa patlang ang relatibong lokasyon ng Pilipinas sa paraang bisinal at insular na paglalarawan.

Bisinal		Insular	
Hilaga		Hilaga	
Kanluran		Kanluran	
Silangan		Silangan	
Timog		Timog	



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang Pilipinas ay matatagpuan sa Timog-Silangang Asya. Upang mas madali nating maunawaan kung saan ito matatagpuan, maaari nating gamitin ang konsepto ng tiyak at relatibong lokasyon.

1. Tiyak na Lokasyon:

Ang tiyak na lokasyon ay tumutukoy sa eksaktong pwesto o kinalalagyan ng isang lugar sa mundo gamit ang latitude at longitude.

- **Latitude:** Ito ay mga guhit na pahalang na nagtatakda ng layo ng isang lugar mula sa Ekwador. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa pagitan ng 4° at 21° Hilagang latitude.
- **Longitude:** Ito ay mga guhit na patayo na nagtatakda ng layo ng isang lugar mula sa Prime Meridian. Ang Pilipinas ay matatagpuan sa pagitan ng 116° at 127° Silangang longitude.

2. Relatibong Lokasyon:

Ang relatibong lokasyon ay tumutukoy sa kinalalagyan ng isang bansa batay sa mga katabi o kalapit nitong lugar. Ang relatibong lokasyon ay maaaring:

Pag-isipan:

Ano ang relatibong lokasyon ng Pilipinas sa insular at bisinal gamit ang mapa ng Pilipinas?

- **Lokasyong Bisinal** – pagtukoy sa lokasyon batay sa **bansang** nakapaligid dito.
- **Lokasyong Insular** – pagtukoy sa lokasyon batay sa pag-alam sa mga nakapaligid na **anyong tubig** dito.

Pagmasdan ang mapa sa ibaba:



Hilaga	Sa Hilagang bahagi ng Pilipinas, makikita natin ang bansang Taiwan. Ang Bashi Channel ang naghihiwalay sa Pilipinas at Taiwan.
Timog	Sa Timog ng Pilipinas, matatagpuan natin ang bansang Indonesia. Maraming maliit na pulo ang naghihiwalay sa atin at sa bansang ito.
Kanluran	Sa Kanluran ng Pilipinas, matatagpuan natin ang malawak na South China Sea. Sa kabila nito, makikita natin ang malalaking bansa gaya ng China at Vietnam.
Silangan	Sa Silangan, makikita natin ang malalim at malawak na Philippine Sea. Sa kabila ng karagatan, makikita natin ang malalaking bansa tulad ng Japan.

Relatibong Lokasyon ng Pilipinas

Kabilang ang Pilipinas sa pinakamalaking kontinente sa mundo, ang Asya. Tinagurian ang Pilipinas bilang “Pintuan ng Asya” dahil matatagpuan ito sa Dagat Pasipiko at bilang bahagi sa lupalop ng Asya. Matatagpuan ang Pilipinas sa hilagang bahagi ng ekwador.

Pag-isipan:

Bakit mahalagang malaman ang relatibong lokasyon ng Pilipinas?



Pagbibinhi ng Kasanayan


Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Ano ang tumutukoy sa kinalalagyan ng isang bagay sa isang kurso o linya?
- | | |
|--------------|----------------------|
| a. direksyon | c. lokasyong bisinal |
| b. mapa | d. lokasyong insular |
- _____2. Ano ang pangunahing direksyon kung saan sumisikat ang araw?
- | | |
|-------------|-------------|
| a. Hilaga | c. Timog |
| b. Silangan | d. Kanluran |
- _____3. Tumutukoy sa direksyon sa pagitan ng dalawang pangunahing direksyon.
- | |
|--------------------------|
| a. hilagang kanluran |
| b. pangunahing direksyon |
| c. pangalawang direksyon |
| d. relatibong lokasyon |
- _____4. Ito ang kaugnay na kinalalagyan o lokasyon ng isang bansa batay sa mga nakapaligid dito.
- | | |
|--------------------------|--------------------------|
| a. pangunahing direksyon | c. pangalawang direksyon |
| b. mapa | d. relatibong lokasyon |
- _____5. Ano ang unang binabanggit sa paggamit ng pangalawang direksyon?
- | | |
|-------------------------|-----------------------|
| a. Kanluran at Silangan | c. Hilaga at Silangan |
| b. Timog at Kanluran | d. Hilaga at Timog |



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Tignan ang mapa sa ibaba at punan ang mga bansang nakapaligid sa Pilipinas.





Pag-aararo ng Kabuoan

- Sa pamamagitan ng tiyak at relatibong lokasyon, mas madali nating maipapaliwanag at mauunawaan ang kinalalagyan ng Pilipinas sa mundo.
- Ang pag-alam sa mga impormasyong ito ay mahalaga hindi lamang para sa pag-aaral ng heograpiya kundi pati na rin sa pag-unawa sa ugnayan ng Pilipinas sa iba't ibang bansa sa Asya at sa buong mundo.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Ang buong klase ay gagawa ng maikling pagsusuri tungkol sa kasaysayan kung paano nalaman ang tiyak na lokasyon ng Pilipinas. Kinakailangang gumamit ng mga tamang sanggunian sa pagsasaliksik ng impormasyon.

ARALIN 2

Ang Teritoryo ng Aking Bansa



Sa araling ito, mas mapalalawak mo ang iyong kaalaman tungkol sa lawak at teritoryo ng bansa sa tulong ng mapa at mga batayang heograpiya. Malalaman mo rin ang kinalalagyan ng Pilipinas maging ang kaniyang hangganan. Tutukuyin rin natin ang lawak at hangganang sakop ng Pilipinas batay sa Artikulo 1 ng Saligang Batas ng 1987 at sa mga pagbabago nito batay sa mga kasunduan, batas, at kasulatan ukol sa teritoryo ng Pilipinas.



Layunin

- ◇ Matukoy ang pambansang teritoryo ng Pilipinas.
- ◇ Maipaliwanag ang mga saligan ng teritoryo ng Pilipinas:
 - a. Ayon sa kasaysayan
 - b. Ayon sa Saligang Batas
- ◇ Mapahalagahan ang iba't ibang kasunduan ukol sa hangganan ng teritoryo ng Pilipinas.
- ◇ Maipakita ang pakikiisa sa pangkatang gawain.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Itala ang iyong opinyon o reaksiyon sa sumusunod na mga sitwasyon.

1. Maraming dayuhang barko ang tumatawid sa ating karagatan nang walang pahintulot.

2. Dumarami ang mga dayuhang nahuhuling lumalabag sa batas ng ating bansa.

3. Nagbabago ang lawak ng teritoryo ng Pilipinas.



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang teritoryo ay isang mahalagang elemento ng estado. Ito ay tumutukoy sa sukat ng lupaing sakop ng isang lugar. Kasama rito ang mga katubigan na nakapaloob at nakapaligid sa kalupaan maging ang mga kalawakang itaas na katapat nito. Dahil dito, nabuo ang iba't ibang kasunduang pang-teritoryo upang magsilbing proteksyon ng bansa.

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, bakit mahalagang malaman ang teritoryo ng isang bansa?

Bilang estado, ang Pilipinas ay may sariling lupang sinasakop na hindi maaaring angkinin ng ibang bansa. Nasa kontinente ng Asya ang kapuluan ng Pilipinas. Ang Pilipinas ay isang arkipelago na may tatlong malalaking pulo: Luzon, Visayas, at Mindanao. Ito ay may sukat na 30,000,000 ektarya o 300,000 kilometro-kwadrado. Binubuo ng 7,641 na mga isla ang Pilipinas. Nakasaad sa Saligang Batas 1987, Artikulo

1 ang teritoryo na nasasaklaw ng kapangyarihan ng Pilipinas kasama na rito ang dagat teritoryal, ang kalawakan, at kailaliman ng lupa.

May tiyak na hangganan din ang pambansang teritoryo na dapat bantayan at proteksyonan. Magkakaiba man ang sukat ng bawat teritoryo ng mga bansa, nagsisilbi itong tirahan ng mga mamamayan at pinagkukunan ng mga likas na yaman ng bansa.

MGA SAKLAW SA PAMBANSANG TERITORYO NG PILIPINAS

1. Dagat teritoryal	Ito ay bahagi ng dagat na umaabot hanggang sa 12 milya kilometro ang layo mula sa pinakamababaw na bahagi ng baybaying dagat.
2. Ilalim ng dagat	Ito ay tumutukoy sa lupain na makikita sa ilalim ng dagat kabilang ang mga likas na yaman at mineral.
3. Panloob na karagatan	Bahagi ito ng dagat na nasa loob ng pagitan ng teritoryo ng lupain. Kabilang dito ang ilog, kanal, o lawa na nasa lupain ng estado.
4. Iba pang mga pook submarino	Tumutukoy ito sa bahaging dagat teritoryal tulad ng trench, kalaliman, aplaya, buhanginan at batuhan.
5. Kailaliman ng lupa	Dito nabibilang ang lahat ng bagay sa ilalim ng lupa kasama na ang mineral at likas na yaman.
6. Ang himpapawid	Ito ang nasa itaas na bahagi ng mga lupain at karagatan.
7. Mga kalatagang insular	Tumutukoy ito sa mga nakalubog na bahagi ng kontinente o pulo na umaabot hanggang sa malalim na bahagi ng karagatan.

Ang hangganan ng ating bansa ay itinakda sa pamamagitan ng sumusunod na dokumento:

BATAY SA KASAYSAYAN AT MGA KASUNDUAN

1. Kasunduan sa Paris ng 1898

Mahalagang Petsa: Disyembre 10, 1898

Kasunduan: Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya.

Probisyon: Ipinagbili ng Espanya ang Pilipinas sa halagang \$20 milyon sa

mga Amerikano bilang kabayaran sa pagpapaunlad nito sa Pilipinas. Sa kasunduan, ang nasasakupan ay ang lahat ng kalupaan, katubigan, at himpapawid na teritoryo ng bansa maliban sa ilang bahagi ng Sulu.

2. Kasunduan sa Washington

Mahalagang Petsa: Nobyembre 7, 1900

Kasunduan: Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya

Probisyon: Muling nagkaroon ng kasunduan ang Estados Unidos at Espanya at idinagdag ang mga pulo sa Sulu, Cagayan at Sibuto sa teritoryo ng Pilipinas.

3. Kasunduan ng Estados Unidos at Gran Britanya

Mahalagang Petsa: Enero 2, 1930

Kasunduan: Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Gran Britanya.

Probisyon: Ang mga maliliit na mga pulo ng Mangsee at Turtle Islands sa pagitan ng Borneo at Sulu ay naging bahagi ng Pilipinas. Pinangasiwaan ito noong 1947, isang taon pagkatapos mabigyan ng kalayaan ang mga Pilipino.

BATAY SA SALIGANG BATAS

1. Saligang Batas ng 1935

Sa kasunduang nilagdaan sa Paris, hindi napasama ang Batanes. Kaya sa pamamagitan ng Saligang Batas ng 1935, itinakda na mapasama sa teritoryo ng Pilipinas ang pulo ng Batanes dahil sa paninirahan doon ng maraming Pilipino.

2. Ang Konstitusyon ng 1973 at 1987

Nakalahad dito na ang pambansang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng kapuluan ng Pilipinas, kasama ang lahat ng mga pulo at tubig na saklaw nito, ang mga tubig na nakapaligid sa pagitan at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan maging anoman ang lapad at laki ng mga ito.

Pag-isipan:

Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Saligang Batas ng 1935 at 1973?

AYON SA SALIGANG BATAS NG 1987

ARTIKULO 1

ANG PAMBANSANG TERITORYO

Ang pambansang teritoryo ay binubuo ng kapuluang Pilipinas, kasama ang lahat ng mga pulo at mga karagatan na nakapaloob dito, at lahat ng iba pang mga teritoryo na nasa ganap na kapangyarihan o hurisdiksyon ng Pilipinas, na binubuo ng mga kalupaan, katubigan, at himpapawirin nito, kasama ang dagat teritoryal, ang lalim ng dagat, ang kailaliman ng lupa, ang mga kalapagang insular, at ang iba pang mga pook submarina nito. Ang mga karagatang nakapaligid, nakapagitan, at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan, maging anoman ang lawak at mga dimensyon ay nag-aanyong bahagi ng panloob na karagatan ng Pilipinas.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Ano ang tawag sa itaas na bahagi ng mga lupain at karagatan?
- | | |
|---------------|---------------------------|
| a. karagatan | c. dagat teritoryal |
| b. himpapawid | d. mga kalapagang insular |
- _____2. Ano ang tawag sa sukat ng lupaing nasasaklaw ng hurisdiksyon ng isang bansa?
- | | |
|---------------|--------------|
| a. arkipelago | c. lokasyon |
| b. insular | d. teritoryo |

- _____3. Ano ang sukat ng paghahanggan sa isang teritoryo ng bansa mula sa baybayin hanggang karagatan?
- a. Kasunduan sa Paris
 - b. Doktrinang Pangkapuluan
 - c. 12 Nautical Miles Zone
 - d. 9-dash Line Territory
- _____4. Anong kasunduan ang nilagdaan noong Disyembre 10, 1898 na nagsasaad ng paglilipat ng pamamahala sa mga pulo ng Pilipinas sa Estados Unidos mula sa Espanya kapalit ng halagang 20 milyong dolyar?
- a. Arbitrasyon sa Pulo ng Palmas
 - b. Kasunduan ng US at Gran Britanya
 - c. Kasunduan sa Paris
 - d. Kaunduan sa Washington
- _____5. Si Yoshi ay isang tsino na tahasang nangisda sa loob ng teritoryo ng Pilipinas. May pananagutan ba siya sa batas? Bakit?
- a. hindi, dahil hindi niya alam ang batas
 - b. hindi, dahil siya ay namasyal lamang
 - c. dahil hindi siya nagpaalam sa may-ari sa dagat
 - d. dahil nilabag niya ang Artikulo I ng Saligang Batas 1987



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Magsaliksik ng mga paraan kung paano ka makatutulong sa ating pamahalaan sa pagtatanggol ng teritoryo ng ating bansa. Ilalahad ito sa malikhaing paraan o gawain.

Mga Paraan Kung Paano Makatutulong sa Pamahalaan sa Pagtatanggol ng Teritoryo ng Bansa




Pag-aararo ng Kabuoan

- Iba't iba ang datos ukol sa hangganan at teritoryo ng ating bansa. May naaayon sa kasaysayan at sa Saligang Batas ng bansa.
- Ang anomang bagay o lugar ay may hangganan. Ang ating bansa ay may hangganan. Ito ang teritoryong tumutukoy sa nasasakupang lupa, katubigan, himpapawid, at submarinang bahagi ng isang bansa.
- Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng teritoryo ng isang bansa ay tanda ng pagiging malaya. Kung kaya, nararapat na ipagtanggol natin ang kalayaan at teritoryo ng ating bansang Pilipinas. Dapat natin itong bantayan at pangalagaan.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Gamit ang isang mapa ng Pilipinas, ipapakita ng klase sa pamamagitan ng tuwid na linya ang dagat teritoryal ng Pilipinas. Ipaliwanag nang malinaw ang ginawang gawain.



ARALIN 3

Mga Kasunduan, Batas, at Kasulatan na Nagtatakda ng Tiyak na Teritoryo ng Pilipinas



Sa araling ito, muli mo pang mapalalawak ang iyong kaalaman tungkol sa lawak at teritoryo ng bansa sa tulong ng mapa at mga batayang heograpiya. Malalaman mo pa rin ang kinalalagyan ng Pilipinas maging ang kaniyang hangganan. Tutukuyin din natin ang lawak at hangganang sakop ng Pilipinas batay sa atas ng pangulo at doktrinang pangkapuluan.



Layunin

- ◇ Matukoy ang pambansang teritoryo ng Pilipinas.
- ◇ Maipaliwanag ang mga saligan ng teritoryo ng Pilipinas:
 - a. Ayon sa Atas ng Pangulo
 - b. Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan
- ◇ Mapahalagahan ang iba't ibang kasunduan ukol sa hangganan ng teritoryo ng Pilipinas.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Basahin ang tanong at pasalita natin itong sasagutin.

- Bilang mag-aaral, paano mo maipapakita ang kahalagahan sa pag-aaral sa lawak ng Pilipinas?



Pagtatanim ng Kaalaman

Mahalaga ang teritoryo ng isang bansa sa mga mamamayan na naninirahan dito. Ang lahat ng pangangailangan ng mga tao ay sa teritoryong sakop makukuha. Mayroong mga kasunduan, batas, at kasulatan na nagtatakda ng tiyak na teritoryo ng Pilipinas.

MGA ATAS NG PANGULO

1. Atas ng Pangulo Blg. 1596

Pag-isipan:

Naging maganda ba ang epekto ng Atas ng Pangulo Blg. 1596 pagtapos nitong lagdaan ni Pangulong Ferdinand Marcos? Bakit?

- Ito ay nilagdaan ni dating Pangulong Ferdinand Marcos noong Hunyo 11, 1978.
- Nakapaloob dito ang pag-aangkin sa mga pulo ng Kalayaan. Ang mga pulong ito ay may layong 270 kilometro mula sa baybayin ng Palawan.
- Bahagi ng Spratly Islands ang mga pulo ng Pag-asa, Kota, Lawak, Likas, Parola, Panata, Patag at Rizal.

2. Atas ng Pangulo Blg. 1599

- Sa atas na ito, nagtatag ng Exclusive Economic Zone (EEZ). Ito rin ang nagpalawak sa teritoryo ng bansa.
- Nasasakop ng sonang EEZ ang layong 200 kilometro mula sa baybayin ng bansa.
- Tanging ang Pilipinas lamang ang may karapatang gumamit at mangalaga sa mga likas na yaman ng bansa.

ANG EXCLUSIVE ECONOMIC ZONE

Isang kasunduan ang pinirmahan ng mga 130 miyembro ng United Nations (UN) na dumalo sa United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS) noong Disyembre 10, 1982 sa Jamaica. Sa kasunduang ito,

naging 12 milyang palibot sa kapuluan ang dating 3 milyang sakop ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas. Ito rin ay nagtatakda ng 200 milyang sona sa estado. Tumutukoy ang EEZ sa sonang pandagat na tanging ang Pilipinas ang may pinakamakapangyarihang karapatan na galugarin, pangalagaan, at pangasiwaan ang mga likas na yamang galing sa dagat.

3. Republic Act 9522

- Noong Marso 11, 2009, nilagdaan ni dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang atas na ito na nagtakda ng pag-aangkin ng karagdagang 93 milyang ektarya ng mayamang karagatan na mapabilang sa maritime jurisdiction ng bansa.
- Nakatakda rin sa batas na ito ang basehang guhit o hangganan ng teritoryong nasasakop ng Pilipinas kabilang ang Extended Continental Shelf o maliliit na mga pulo na nakalubog sa katubigang sakop ng 200 milyang layo mula sa baybayin.

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, mas malawak ba ang dapat na inangking karagdagang milyang ektarya ng Pilipinas noon? Ipaliwanag kung bakit.

DOKTRINANG PANGKAPULUAN

Iminungkahi ng UN noong Pebrero 5, 1973 ang pagkilala sa Doktrinang Pangkapuluan (*Archipelagic Doctrine*) na magtatakda ng imahinasyong linya sa kahabaan ng pinakamalayang isla ng kapuluan. Batay sa Doktrinang ito, ang buong lawak na 48 kilometro mula sa baybayin ang siyang bumubuo sa teritoryo ng Pilipinas. Ang kasunduang ito ay isinagawa ng mga mambabatas na Pilipino na pinangunahan ni Senador Arturo M. Tolentino noong 1956.

Isinasaad din sa doktrinang pangkapuluan na ang pambansang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng mga sumusunod:

- Kapuluan ng Pilipinas.

- Mga pulo at mga bahaging tubig na sakop nito.
- Ilalim ng lupa at ilalim ng dagat nito.
- Kalawakan sa itaas.
- Mga yamang nasasakupan ng bansa.

Makikita sa mapa ang tuwid na guhit na nakapaligid sa kapuluan. Ito ang basehang linya (*baseline*) na tumitiyak sa bahagi ng dagat na sakop ng ating kapuluan. Lahat ng katubigan na napapaloob sa basehang linya ay nasa kapangyarihan at pag-aari ng Pilipinas.



Doktrinang Arkipelago ng Pilipinas



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Aling kasunduan o batas ang nilagdaan ng dating pangulong Ferdinand Marcos na nagsasabing ang mga pulo ng Kalayaan ay sakop ng Pilipinas?
- | | |
|------------------------------|----------------------------|
| a. Atas ng Pangulo Blg. 1596 | c. Kasunduan sa Washington |
| b. Kasunduan sa Paris | d. Saligang Batas 1935 |
- _____2. May karapatan ang isang estado na galugarin, pangalagaan, at gamitin ang mga likas na yamang sinasakop nito.
- | | |
|----------------------------|----------------------|
| a. Kasaysayan ng Bansa | c. Saligang Batas |
| b. Doktrinang Pangkapuluan | d. wala sa nabanggit |
- _____3. Ang Exclusive Economic Zone ay tumutukoy sa sonang _____ na itinakda na tanging Pilipinas lamang ang may karapatan.
- | | |
|------------------|----------------------|
| a. pamhimpapawid | c. pandagat |
| b. pangkalawakan | d. wala sa nabanggit |
- _____4. Aling teritoryo ang itinalaga na kabilang sa Pilipinas ayon sa Presidential Decree 1596 ng 1978, ngunit ito ay inaangkin din ng mga bansang Vietnam, China, Malaysia, at Brunei?
- | | |
|----------------------|----------------------------------|
| a. Bajo de Masinloc | c. Benham Rise o Philippine Rise |
| b. Scarborough Shoal | d. Spratly Islands |

- _____ 5. Bakit kailangang maipagtanggol at mapangalagaan ang ating pambansang teritoryo?
- upang maraming dayuhan ang makinabang dito
 - upang makilala bilang mga sakim ang mga Pilipino
 - upang maprotektahan ang mga bagay na pag-aari ng ating bansa at mapanatili ang kalayaan nito
 - wala sa nabanggit



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Punan ang *Data Retrieval Chart* ng mga impormasyon ukol sa pambansang teritoryo ng Pilipinas.

PAMBANSANG TERITORYO NG PILIPINAS			
Ayon sa Kasaysayan	Ayon sa Saligang Batas	Ayon sa Atas ng Pangulo	Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan



Pag-aararo ng Kabuoan

- May iba't ibang batayan ukol sa hangganan at teritoryo ng ating bansa.
- Ating natalakay at naunawaan ang kasaysayan, Saligang Batas, Atas ng Pangulo, at Doktrinang Pangkapuluan ng bansa.
- Mahalagang maunawaan natin ang kinaroroonan ng Pilipinas sa pamumuhay ng mga tao.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Pagdedebatehan ng buong klase ang isang isyu na may kinalaman sa teritoryo. Lahat ng mag-aaral na **pumapanig sa isyu** ay pupunta sa kaliwang bahagi ng silid-aralan. Lahat naman ng **hindi-sumasang-ayon sa isyu** ay pupunta sa kanang bahagi. Ang bawat grupo ay bibigyan ng pagkakataon na suportahan at ipaliwanag ang kanilang mga kasagutan.

Bago ang gawain, tingnan mabuti ang layo ng Palawan sa Spratly Islands sa tulong ng mapa:



ISYU: Dapat bang maging bahagi ng Piipinas ang Spratly Island?

Oo

Hindi

ARALIN 4

Ang Katangiang Pisikal ng Aking Bansa



Sa araling ito, sisimulan na nating lakbayin ang ating bansa sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga anyong lupa, anyong tubig, klima, at panahon na mayroon sa Pilipinas. Ating aalamin ang mga katangi-tanging katangian ng mga anyong lupa at tubig sa ating bansa at susuriin din natin kung bakit nagbabago ang klima sa Pilipinas.



Layunin

- ◇ Mailarawan ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas: Heograpiyang Pisikal.
- ◇ Maisa-isa ang mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa Pilipinas.
- ◇ Maunawaan ang mga salik na nakaaapekto sa klima at panahon ng Pilipinas.
- ◇ Maipagmalaki sa iba ang bansang Pilipinas.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Ang klase ay papangkatin sa tatlo. Ang bawat pangkat ay gagawa ng isang **photo album** na naglalaman ng mga larawan ng mga anyong lupa at anyong tubig ng kapuluang kinakatawan nila.

Pangkat 1 – Mga anyong lupa at tubig sa Luzon

Pangkat 2 – Mga anyong lupa at tubig sa Visayas

Pangkat 3 – Mga anyong lupa at tubig sa Mindanao




Pagtatanim ng Kaalaman

Maraming anyong lupa at anyong tubig ang matatagpuan sa Pilipinas. Ang mga ito ay bahagi ng yamang likas na may malaking pakinabang sa buhay ng mga Pilipino. Ang mga anyong lupa at tubig na ito ay nagsisilbi ring magandang tanawin na nagpapaunlad sa turismo ng bansa. Halina't ating alamin kung ano-ano ito:

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, bakit at paano napauunlad ng mga anyong lupa at anyong tubig ang turismo sa bansa?

MGA ANYONG LUPA SA PILIPINAS

Anyong Lupa	Bundok/Bulubundukin
Pinakamataas na anyong lupa na higit sa 600 metro ang taas. Bulubundukin ang tawag sa pangkat o hilera ng mga bundok.	
 Sierra Madre	Ang bundok ng Sierra Madre ang pinakamahabang bulubundukin sa bansa.
 Bundok Makiling	Matatagpuan naman sa Katimugang Luzon ang bundok Makiling at bundok Banahaw.

Anyong Lupa	Bundok/Bulubundukin
 Bundok Banahaw	
 Bundok Apo	Nasa Mindanao naman ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas, ito ay ang bundok Apo.

Anyong Lupa	Bulkan
Ito ay karaniwang may bunganga sa tuktok. Maaari itong magbuga ng gas, malalaking bato, apog, kumukulong putik o lava, at abo.	
 Bulkan Mayon	Ang Bulkang Mayon ang itinuturing na hugis perpektong kono na matatagpuan sa Albay.

Anyong Lupa	Bulkan
 Bulkan Pinatubo	Ang Bulkang Pinatubo ay matatagpuan naman sa Zambales.
 Bulkan Taal	Ang Bulkang Taal ay isa sa pinakamaliit na bulkan sa dagidig.
 Bulkan Kanlaon	Ang Bulkang Kanlaon ay aktibong bulkan sa isla ng Negros.
 Bulkan Bulusan	Ang Bulkang Bulusan naman ay aktibong bulkan na matatagpuan sa Sorsogon.

Anyong Lupa

Burol

Isang mataas na anyong lupa ngunit mas mababa sa bundok.



Chocolate Hills

- Ang Chocolate Hills ang pinakatanyag na burol sa Pilipinas.

Anyong Lupa

Burol

Isang mataas na anyong lupa ngunit mas mababa sa bundok.



Lambak ng Cagayan

- Lambak ng Cagayan ang pinakamalawak na lambak sa bansa na matatagpuan sa Rehiyon II.
- Ilan pa sa mga lambak sa Pilipinas ay ang lambak ng La Trinidad na matatagpuan sa Benguet at lambak ng Cotabato sa Mindanao.

Anyong Lupa

Kapatagan

Ito ay isang malawak na patag na lupa. Mas gustong manirahan ng mga tao sa ganitong anyong lupa. Sagana rin sa pangangailangan ng mga tao ang lupain na ito.



Kapatagan ng Gitnang Luzon

- Ang Gitnang Luzon ang pinakamalaking kapatagan sa bansa. Ito ay tinatawag na “Kamalig ng Bigas ng Pilipinas”.

Anyong Lupa

Talampas

Ito ay isang patag na lupa sa mataas na lugar. Dito matatagpuan ang mga pastulan at nagsisilbi rin itong taniman ng mga palay, gulay, at prutas.



Talampas ng Bukidnon

- Ang talampas ng Bukidnon ay mainam na taniman ng mga pinya.
- Ang talampas sa Pangasinan ay nagsisilbing taniman ng palay.
- Ang lungsod ng Baguio ay nasa isang talampas na kilala rin bilang “Lungsod ng mga Pino”.

Anyong Lupa

Tangway at Tangos

Ang tangway ay bahagi ng kapatagan sa baybayin na nakausli mula sa malaking bahagi ng lupain at halos nakukulong ng tubig.



Tangos Bojeador

- Bicol, Bataan, at Zamboanga ang ilan sa mga tangway sa Pilipinas.
- Halimbawa ng tangos sa bansa ay tangos Bojeador sa Ilocos Norte, tangos Engaño sa Cagayan, at tangos sa Bolinao, Pangasinan.

MGA ANYONG TUBIG SA PILIPINAS

Anyong Tubig

Ilog

Ito ay mahaba ngunit makipot na anyong tubig na napaliligiran ng lupa.



Ilog Cagayan

- Ang ilog Cagayan o mas kilala bilang Rio Grande de Cagayan ang pinakamahabang ilog sa Pilipinas.

Anyong Tubig	Karagatan
Ito ang pinakamalawak na anyong tubig.	
	Ang mga halimbawa ng karagatan ay Karagatang Pasipiko, Karagatang Atlantiko, Karagatang Indiano, at Karagatang Antartika.

Anyong Tubig	Dagat
Malaking anyong tubig na mas maliit sa karagatan. Maalat ang tubig na ito.	
	Dagat Sulu ang isa sa halimbawa nito.

Anyong Tubig	Karagatan
Ito ang pinakamalawak na anyong tubig.	
	Ang mga halimbawa ng karagatan ay Karagatang Pasipiko, Karagatang Atlantiko, Karagatang Indiano, at Karagatang Antartika.

Anyong Tubig

Dagat

Malaking anyong tubig na mas maliit sa karagatan. Maalat ang tubig na ito.



- Dagat Sulu ang isa sa halimbawa nito.

Anyong Tubig

Golpo

Bahagi ng karagatan at karaniwang nasa bukang ng dagat.



- Ang pinakamalaking golpo sa Pilipinas ay ang Golpo ng Moro.

Anyong Tubig	Talon
Ito ay isang anyong tubig na bumabagsak mula sa mataas ng lugar.	
	• Ilan sa mga talon na matatagpuan sa ating bansa ay ang Talon ng Maria Cristina sa Lanao Del Norte at Talon ng Pagsanjan sa Laguna.

Anyong Tubig	Look
Anyong tubig na bahagi ng dagat na papasok sa baybayin. Ginagamit itong likas na daungan ng mga sasakyang pandagat.	
	• Look Maynila ang pinakakilalang look sa bansa.

Anyong Tubig	Bukal
May mga bahagi ng lupa na may lumalabas na tubig mula sa ilalim ng lupa.	
	Sa Los Baños makikita ang mainit na mga bukal kaya kadalasan dito rin makikita ang mga <i>hot spring resorts</i>.

Anyong Tubig	Kipot
Makitid na daanang-tubig na nagdurugtong sa dalawang mas malaking anyong tubig. Pumapagitna ito sa dalawang anyong lupa.	
	Sa Visayas, kilala ang kipot ng San Juanico na nagdurugtong sa mga lalawigan ng Samar at Leyte.

ANG KLIMA SA PILIPINAS

Ang **klima** ay ang pangmatagalang lagay ng panahon sa isang bansa. Ang **panahon** ay pangkalahatang lagay ng atmospera sa isang takdang oras at lugar.

Dalawa lamang ang uri ng klima sa Pilipinas, ito ay ang **tag-araw** at **tag-ulan**. Ito ay sa kadahilanang ang Pilipinas ay nasa tropikal na bahagi ng mundo.

Anyong Lupa	Kapatagan
• Tuyo at mainit ang kapaligiran. • Panahon ng ani para sa mga magsasaka. • Simula na rin ng bakasyon ng mga mag-aaral sa paaralan at pagpunta sa iba't ibang pook pasyalan.	• Basa ang paligid dulot ng madalas na pag-ulan. • Malamig ang simoy ng hangin. • Lumalambot ang lupa kaya ang mga magsasaka ay sinasamantala ang pagtatanim. • Ito ang panahong madalas ang pagbagyo.

MGA SALIK NA NAGTATAKDA NG KLIMA AT PANAHOON NG BANSA

1. Lokasyon sa daigdig

Ang Pilipinas ay nakalatag sa Tropiko ng Kanser. Ang isang bansang matatagpuan sa mababang latitude ay may mahabang tag araw. Sa gitnang latitude ay nakararanas ng di-gaanong mainit at malamig na panahon. Ang mga bansa na nasa mataas na latitude ay nakararanas ng mahabang taglamig.

2. Topograpiya

Ang batayan dito ay ang *altitude* o ang taas o baba ng isang lugar. Malamig ang temperatura sa mga matataas na lugar habang may mainit na temperatura sa mababang lugar.

3. Hangin at katubigan

Ang malamig na temperatura ng bansa ay dulot ng mga karagatan at dagat na nakapaligid sa bansa. Mayroon din tayong mga hanging monsoon na nagbabago ng direksyon. Ito ay ang hanging amihan at hanging habagat.

4. Temperatura

Ito ang sukat ng init o lamig ng isang bansa. Ang temperatura sa Pilipinas ay tumataas hanggang 36° C o higit pa at bumababa hanggang 23° C.

5. Humidity

Tumutukoy ito sa halumigmig (*moisture*) ng atmospera.

6. Patak ng ulan

Batay sa bagsak ng ulan, mayroong apat na tipo ng klima ang bansa.

- a. **Tipo 1** – pantay ang haba ng tag-araw at tag-ulan.
- b. **Tipo 2** – Walang panahon ng tag-tuyot. Maulan lalo na sa Disyembre, Enero, at Pebrero.
- c. **Tipo 3** – Hindi tiyak ang panahon na may malakas na pag-ulan, may maikling tag-tuyot, o walang pag-ulan sa loob ng tatlong buwan.
- d. **Tipo 4** – Ang ulan ay kalat buong taon. Walang buwan na hindi umuulan.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin kung anong anyong lupa o anyong tubig ang inilalarawan. Isulat ang sagot sa isang buong papel.

1. Patag na lupang matatagpuan sa pagitan ng mga bundok o burol.
2. Isang malawak na patag na lupa.
3. Tubig na dumadaloy mula mataas na lugar.
4. Pinakamalawak na anyong tubig.
5. Anyong tubig na bahagi ng dagat na papasok sa baybayin.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin sa dalawa ang buong klase. Ang unang pangkat ay guguhit ng isang anyong lupa at ang ikalawang pangkat ay guguhit ng isang anyong tubig na makikita sa Pilipinas.

Anyong lupa

Anyong tubig



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang Pilipinas ay isang kapuluang binubuo ng iba't ibang anyong lupa at anyong tubig.
- Magkakaiba at katangi-tangi ang mga anyong lupa at anyong tubig ng Pilipinas. Ang mga ito ay bahagi ng ating kapaligirang pisikal.
- Dahil sa lokasyon ng Pilipinas, ito ay nakararanas ng klimang tropikal at may mga salik din na nakaaapekto sa klima ng Pilipinas.
- Bilang tugon, iniaangkop ng mga Pilipino ang mga gawain sa araw-araw pati na rin ang kanilang ikinabubuhay.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa dalawang pangkat ang buong klase. Magsaliksik ng mga salik na nagtatakda ng klima at panahon sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Itala ito at ibahagi sa klase ang nakuhang impormasyon. Sagutin din ang tanong na: Bakit mahalaga ang mga salik na nagtatakda ng klima ng bansa?

ARALIN 5

Ang mga Pangkat-etniko ng Aking Bansa



Matututuhan mo sa araling ito ang mga pangkat-etniko ng ating bansa gayundin ang mga katangian at kultura na mayroon ang bawat isa. Mayaman at natatangi ang kulturang Pilipino kaya't nararapat lamang na ito ay malaman upang lubos nating maunawaan ang pagkakakilanlang Pilipino.



Layunin

- ◇ Mailarawan ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas: Heograpiyang Pantao.
- ◇ Mailarawan ang iba't ibang pangkat-etniko ng Pilipinas.
- ◇ Malaman ang mga kontribusyon ng iba't ibang pangkat-etniko sa ating kultura.
- ◇ Mapahalagahan ang mga pangkat-etniko sa ating bansa.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Magbigay ng mga halimbawa ng mga pangkat-etniko na matatagpuan sa tatlong pulo ng Pilipinas. Isulat ang sagot sa loob ng talahanayan.

Mga Pangkat-etniko sa Luzon	Mga Pangkat-etniko sa Visayas	Mga Pangkat-etniko sa Mindanao



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang **Heograpiyang Pantao** ay sangay ng heograpiya na tumutukoy sa pag-aaral ng mga tao at sa kanilang komunidad, kultura, ekonomiya, at pakikipag-ugnayan sa kapaligiran.

Pag-isipan:

Bakit mahalagang malaman ang pagkakakilanlang kultural ng isang bansa?


Dahil isang arkipelago ang Pilipinas, nagkaroon ng pagkakaiba sa wika, pamumuhay, paniniwala, at uri ng pamumuhay ang mga Pilipino. Binubuo ng maraming pangkat-etniko ang ating bansa. Ang **pangkat-etniko** ay pangkat ng mga katutubo na may magkakatulad na gawi, wika, paniniwala, at uri ng pamumuhay. Inaayon sa lugar, wikang ginagamit,

at iba pang katangiang pangkultura ang pagkakapangkat-pangkat ng mga Pilipino. Tunghayan natin ang ilan sa mga pangkat-etniko na mayroon ang ating bansa.

MGA PANGKAT-ETNIKO SA PILIPINAS

Narito ang ilan sa mga pangkat-etniko ng Pilipinas. Saang pangkat ka kabilang?

Aklanon	Cuyonon	Kamayo	Romblomanon
Bajao	Hamtikanon	Kankanaey	Surigaonon
Bicol	Hiligaynon	Kapampangan	Tagalog
Bisaya	Ifugao	Maguindanao	Tausug
Bol-anon	Ilocano	Maranao	Waray
Capiznon	Ivatan	Masbateño	Yakan
Cebuano	Kalinga	Pangasinan	Zamboangueño



MGA KATUTUBONG MAYORYA

TAGALOG

- | | |
|--|--|
| <ul style="list-style-type: none"> • Pinakamalaking pangkat ng Pilipino. • Masipag at matiyaga sa paghahanapbuhay. • Matibay ang pagkakabuklod-buklod ng pamilya. | <ul style="list-style-type: none"> • Mahalaga ang edukasyon para sa mga anak. • Gumagamit sila ng “po” at “opo” bilang tanda ng paggalang. |
|--|--|

CEBUANO	ILOCANO
• Gitnang Visayas ang tahanan nila. • Isa rin sa pinakamalaking etnolingwistikong pangkat. • Madasalin. • Masayahin at likas na mahilig sa musika. • Kilala rin sila sa pagiging matapang. • Sila rin ay magiliw at mapagmahal.	• Naninirahan sa Rehiyon 1. • Pagsasaka ang ikinabubuhay. • Masipag at masinop. • Maingat sa paggamit ng perang kanilang pinaghirapan. • Bukod sa pagsasaka, sila din ay natutong maghabi, maglilok, at magburnay.

BICOLANO	ILONGGO
• Kilala sa pagiging relihiyoso. • Masayahin at mahilig sa kasiyahan. • Pinahahalagahan din nila ang edukasyon. • Kilala ang grupo sa mga lutuing hinahaluan ng sili at gata.	• Sila ay nagmula sa pulo ng Negros, Iloilo, at sa pulo ng Panay. • Hiligaynon ang wika nila. • Masarap kasama at palakaibigan. • Maaalalahanin lalo sa mga mahal sa buhay. • Malambing sa kanilang pananalita.

WARAY	KAPAMPANGAN
• Matatagpuan sa Samar, Leyte, at Biliran. • Kilala sa pagiging matapang at malakas ang loob. • Mapagbigay, malumanay sa kanilang kilos, at masayahin.	• Kilala sa pinong panlasa at mahusay magluto. • Handa silang gumastos para sa mga kaibigan at bisita.
PANGASINENSE	
• Nagmula sa Pangasinan. • Pangalatok ang kanilang wika. • Sila ay maparaan, masinop, at masikap. • Importante sa kanila ang pag-assenso ng pamilya.	

MGA KATUTUBONG MINORYA

1. AETA

Katangian:

- Maliliit, maiitim, kulot ang buhok, at sarat ang ilong.
- Matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.
- Kilala rin sila sa ibang katawagan gaya ng Dumagat sa Quezon at Rizal, Batak sa Palawan, Ati sa Visayas, at Mamanwa sa Mindanao.
- Palipat-lipat ng tirahan at kadalasan ay naninirahan sa kweba.
- Nabubuhay sila sa pangangaso, pangingisda, at pagkuhang mga prutas.

2. IVATAN

- Matatagpuan sa Batanes.
- Simple lamang ang kanilang pamumuhay.
- Mapang-angkop at maparaan.

- d. Yari sa bato at kugon ang kanilang maliliit at mababang bahay.
- e. Magalang, matapat at magiliw sa kapwa.
- f. Mapagtiwala rin sila sa kapwa.
- g. Gumagamit din sila ng **kanayi** o kapote at **vakulo** o saklob sa ulunan.

3. KALINGA

- a. Nagmula sa tribo sa Mt. Province at kilala sa pagdaraos ng mga mararangyang pagdiriwang.

4. IFUGAO

- a. Naninirahan sa lalawigan ng Ifugao. Sila ang gumawa ng hagdan-hagdang palayan sa Banaue.
- b. Bihasa sa paglililok ng mga imahe sa kahoy.

5. BONTOC

- a. Kilala bilang mga masisipag at matitiyagang magsasaka.

6. IBALOI

- a. Sa kanila nagmula ang proseso ng pag-*mummify* o sistema ng pag-embalsamo ng mga patay.

7. MANGYAN

- a. Itinuturing silang mahiyaing tribo. Madalas nilang ipakita ang sama-samang paggawa.

8. MANOBO

- a. Pinakamalaking pangkat kultural sa CARAGA. Matatagpuan sila sa Agusan, Bukidnon, at sa Cotabato sa Mindanao.
- b. Ang tribong ito ay kilala sa pagiging makulay.

- c. Mahilig magsuot ng mga kasuotang may matingkad na kulay at palamuti sa katawan.

- d. Naglalagay rin sila ng tattoo sa katawan.

Pag-isipan:

Dapat ba nating aralin ang iba't ibang katangian ng katutubong minorya? Bakit?

9. T'BOLI

- a. Mga katutubo ng SOCCSKSARGEN.
- b. Nagsasaka sa pamamagitan ng pagkakaingin.

10. TIRURAY

- a. Sila ay nakatira sa Maguindanao, Sultan Kudarat, at Cotabato.
- b. Ang grupo ay tahimik, mailap, at mahiyain.

11. MAGUINDANAON

- a. Nagmula sila sa malawak na lambak ng Cotabato.
- b. Masipag ang tribo na ito at magaling sa pangangalakal.
- c. Karaniwang may dibuho ang kanilang damit at alahas.
- d. Ang kanilang tahanan ay may disenyong okir.

12. MARANAO

- a. Sila ay matatagpuan sa Lanao Del Norte, Lanao Del Sur, Davao, at Zamboanga.
- b. Importante sa kanila ang relihiyong Islam.
- c. Bata pa lang ay tinuturuan na silang umukit ng disenyong okir.

13. TAUSUG

- a. Matatagpuan sila sa Jolo, Sulu.
- b. Mahilig sila sa musika at gumagawa sila ng mga instrumentong pangmusika.

14. BADJAO

- a. Sila ay matatagpuan sa Tawi-Tawi at Katimugang Sulu.
- b. Sanay sila sa paglalayag at paninirahan sa mga bahay-bangka.
- c. Sinasanay sila sa paninisid ng perlas at pangingsda.
- d. Tinaguriang "Sea Gypsies".



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin kung anong katutubong mayorya at katutubong minorya ang inilalarawan sa bawat pangungusap.

- _____1. Pinakamalaking pangkat kultural sa CARAGA. Matatagpuan sila sa Agusan, Bukidnon, at sa Cotabato sa Mindanao.
- _____2. Sila ay nagmula sa pulo ng Negros, Iloilo, at sa pulo ng Panay.
- _____3. Mga katutubo ng SOCCSKSARGEN at nagsasaka sa pamamagitan ng pagkakaingin.
- _____4. Sila ay matatagpuan sa Tawi-Tawi at Katimugang Sulu. Sinasanay sila sa paninisid ng perlas at pangingisda.
- _____5. Pinakamalaking pangkat ng Pilipino.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pumili ng isang katutubong manorya at isang katutubong minorya mula sa tinalakay. Paghambing ang mga ito. Isulat ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawa.

Katutubong Manorya at Minorya	Pagkakatulad	Pagkakaiba
1.		
2.		



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang Pilipinas ay binubuo ng iba't ibang pangkat etnolinggwistiko.
- Ilan sa mga ito ay ang Tagalog, Ilocano, Cebuano, Bicolano, at marami pang iba.
- Malaki ang kaugnayan ng lokasyon o heograpiya sa kultura ng mga mamamayan. Nakabatay sa heograpiya ng isang lugar ang kultura at kabuhayan ng mga tao roon.
- Dapat na maging kabahagi ang bawat isa sa pagtangkilik at pagmamahal sa kulturang Pilipino upang ito ay mapanatili, magpatuloy, at mapagyaman.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Isa-isang pipili ang buong klase ng mga kultural na kasuotan ng mga pangkat-etniko. Mula rito, magsagawa ng isang **pagtatanghal** ng kultural na kasuotan ng mga pangkat-etnikong mula sa inyong napili.

ARALIN 6

Kahalagahan ng Heograpiya sa Pag-unlad ng Aking Bansa



Matututuhan mo sa araling ito ang kahalagahan ng katangiang heograpikal sa pag-unlad ng bansa. Mahalagang maunawaan na malaki ang epekto ng heograpiya sa kaunlaran ng isang bansa. Halina't alamin ang kahalagahan at magandang dulot ng heograpiya sa Pilipinas.



Layunin

- ◇ Maiugnay ang kahalagahan ng katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa.
- ◇ Makapagbigay ng konklusyon tungkol sa kahalagahan ng mga katangiang pisikal sa pag-unlad ng bansa.
- ◇ Makiisa sa mga gawain sa klase.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Bilang buong klase, gumawa ng isang islogan na may temang **“Heograpiya: Susi sa kaunlaran ng isang bansa”**. Maging malikhain sa paggawa ng islogan.



Pagtatanim ng Kaalaman

Malaki ang epekto ng katangiang heograpikal ng isang bansa. Ang katangiang pisikal ng Pilipinas ay binubuo ng anyong lupa at anyong tubig. Ang pagiging arkipelago ng Pilipinas ay may magandang maidudulot lalo na sa pag-unlad.

Pag-isipan:

Ano ang iyong maiaambag sa pagpapa-unlad ng heograpiya ng Pilipinas?

Narito ang ilan sa mga kahalagahan ng katangiang heograpikal sa pag-unlad ng bansa.

1. Dinarayo ng mga turista ang iba't ibang magandang tanawin ng ating bansa.



2. Nakapagbibigay ng hanapbuhay at ang malaking kita nito ay nagdudulot ng kabutihan tungo sa kaunlaran ng ating bansa.




3. Itinuturing din ang Pilipinas na isa sa pinakamahalagang rutang pangkalakalan. Daanan at hantungan ito ng mga rutang kalakalan. Daungan din ang Pilipinas ng mga barko.



4. Ang ating pandaigdigang paliparan ay nagsisilbing terminal ng mga sasakyang panghimpapawid na nagmumula sa iba't ibang panig ng daigdig.



5. Ang lokasyong maritime o insular ng Pilipinas ay higit na may kagalingan sapagkat ito ay walang lupaing hangganan sa mga kalapit na bansa.



6. Malawak ang ating pangisdaan.



7. Ang pagkakaroon ng maraming bulkan gaya ng bulkang Mayon at Bulusan sa Bicol ay napagkukunan natin ng enerhiya na tinatawag na "Geothermal Energy".



8. Nagtataglay ng likas na yaman.



Pag-isipan:

Paano mo
mapapangalagaan
ang ating mga likas na
yaman?



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Magbigay ng limang kahalagahan ng katangiang heograpikal sa pag-unlad ng bansa. Isulat ang sagot sa patlang.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Punan ang talahanayan upang makumpleto ang hinihingi ukol sa kahalagahan ng heograpiyang pisikal sa pag-unlad ng bansa.

Heograpiyang pisikal	Pakinabang/Kahalagahan
1. Malawak na kapatagan	
2. Mga kabundukan	
3. Look ng Maynila	
4. Bulkang Mayon	
5. Mga karagatan at dagat	



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang Pilipinas ay may pinakamaraming likas na yaman na bansa.
- Bagamat ito ay nasa proseso tungo sa kaunlaran, hitik naman ito sa kaanyuang pisikal tulad ng karagatan, kapatagan, kabundukan, lawa, talon, at marami pang ibang anyong lupa at anyong tubig.
- Mayaman ito sa katangiang pisikal kaya sadyang ang Pilipinas ay isang bansang kakaiba.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa apat ang buong klase. Magsulat ng isang sanaysay na nagpapaliwanag kung bakit itinuturing ang Pilipinas na isa sa pinakamahalagang rutang pangkalakalan. Ibahagi sa harap ng klase ang nagawang sanaysay.

KABANATA 2

ANG PAMBANSANG EKONOMIYA

Sa kabanatang ito, matututuhan mo kung paano ginagamit ang mga likas na yaman sa pagpapaunlad ng ekonomiya at likas-kayang pag-unlad. Ang bawat rehiyon ng bansa ay sagana sa mga likas na yaman. Ang mga likas na yaman na taglay ng Pilipinas ay biyaya na nakatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya nito.



ARALIN 7

Ang Yamang Likas ng Aking Bansa



Matututuhan mo sa araling ito ang likas na yaman ng ating bansa. Ating iisa-isahin at ilalarawan ang mga bumubuo sa yaman ng bansa. Ang ating kapaligiran sa ating kalikasan ay nagtataglay ng mga bagay na may malaking halaga. Ito ang mga itinuturing na likas o natural na yaman ng bansa. Maituturing na ang mga likas na yaman ay ang mga bagay na bigay o likha ng Diyos bilang pamana sa tao. Halina't pag-aralan ang mga yamang likas ng bansa.



Layunin

- ◇ Matukoy ang mga pinagkukunang-yamang matatagpuan sa bansa.
- ◇ Mailarawan ang mga pinagkukunang-yaman ng Pilipinas.
- ◇ Makabuo ng paraan sa wastong pangangalaga ng likas na yaman.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Isulat sa patlang ang sariling opinyon kung bakit mahalaga ang mga likas na yaman ng Pilipinas.

Likas na Yaman	Kahalagahan
Yamang Lupa	
Yamang Tubig	
Yamang Kagubatan	
Yamang Mineral	



Pagtatanim ng Kaalaman

Pinagkukunang Yaman ng Bansa

Lahat ng bansa ay may pinagkukunang-yaman. Ito ay tumutukoy sa anomang bagay na nagagamit at napapakinabangan upang matugunan ang pangangailangan ng tao. Ito ay maikakategorya bilang: lupa, tubig, gubat, mineral, tubig, tao, at kapital.

Ang mga puno, halaman, pangisdaan, kagubatan, at mga maiilap na hayop ay maituturing na yamang maaaring palitan. Ang mga yamang mineral tulad ng ginto, pilak, langis, at karbon ay yamang nauubos.

Yamang Lupa

- Ang mga lupain sa Pilipinas ay mainam na gamitin sa paghahalaman at pagsasaka.
- Halos lahat ng bahagi ng Pilipinas ay may lupang sakahan.
- Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga Pilipino.

Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, ano ang naitutulong ng yamang lupa sa iyo?

- Ang ilan sa mga malalawak na lupain ng bansa ay matatagpuan sa Gitnang Luzon, Lambak ng Cagayan, Iloilo, Davao, at iba pa.
- Palay ang pangunahing itinatanim sa bansa.
- Ang paghahayupan ay madalas ginagawa sa lugar na maburool o damuhan.



Yamang Dagat

- Ang Pilipinas ay sagana sa yamang dagat.
- Iba't ibang uri ng isda at yamang dagat ang nakukuha rito.
- Ang ilan sa mga isdang na nahuhuli sa atin ay lapu-lapu, talakitok, galunggong, maya-maya, yellow fin, barakuda, at marami pang iba.

Pag-isipan:

Ano ang iyong maaaring iambag o gawiin sa yamang tubig upang hindi ito masira?



Yamang Mineral

- Napakaraming uri ng mineral ang matatagpuan sa Pilipinas.
- Kabilang sa mga mineral na mayroon sa ating bansa ay ginto, tanso, bakal, nikel, at iba pa.
- May mga di-metal din na namimina sa bansa. Halimbawa nito ay ang aspalto, marmol, buhangin, luwad, at iba pa.
- Marinduque ang isa sa mga lalawigan may likas na yamang mineral.
- Sa lalawigan ng Romblon, Mindoro Occidental, at Bulacan ay may mga deposito ng mga di-metal na mineral gaya ng marmol, buhangin, at graba.



Yamang Gubat

- Sa kagubatan nanggagaling ang iba't ibang kagamitang panangkap sa paggawa ng mga produkto.
- Iba't ibang uri rin ng puno at halaman ang matatagpuan sa kagubatan ng bansa.
- Troso, kahoy na panggatong, gamot, pagkain, at kasuotan ang ilan sa mga bagay na naibibigay ng yamang gubat sa tao.
- Nagsisilbi rin itong tirahan ng mga hayop sa kagubatan gaya ng usa, tamaraw, agila, at iba pang uri ng ibon.





Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Alamin kung anong uri ng likas na yaman ang tinutukoy. Isulat ang titik ng tamang sagot.

- | | |
|-----------------|---------------------|
| A. yamang lupa | C. yamang kagubatan |
| B. yamang dagat | D. yamang mineral |

- _____1. karagatan
- _____2. kabundukan
- _____3. kabibe
- _____4. puno ng Narra
- _____5. bakal



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maghanap ng iyong kapares at magsulat ng tig-tatatlong halimbawa ng Yamang Lupa, Yamang Dagat, Yamang Kagubatan, at Yamang Mineral na matatagpuan sa Pilipinas.

Mga halimbawa ng Yamang Lupa	Mga halimbawa ng Yamang Dagat
1.	1.
2.	2.
3.	3.

Mga halimbawa ng Yamang Kagubatan	Mga halimbawa ng Yamang Mineral
1.	1.
2.	2.
3.	3.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang bawat bansa ay may pinagkukunang-yaman.
- Mayaman ang Pilipinas sa mga yamang likas na nagbibigay sa mga mamamayan ng pangunahing pangangailangan sa pang-araw-araw na buhay.
- Ang ilan sa mga yamang likas ng bansa ay ang lupa, dagat o tubig, kagubatan, at mineral.
- Mahalaga ang likas na yaman ng Pilipinas hindi lamang sa ekonomiya ng bansa, kundi pati na rin sa kalikasan at kabuhayan ng mga mamamayan.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin ang klase sa tig-lilimang kasapi at magsagawa ng isang panayam. Kailangang sagutin ng bawat kasapi ng pangkat ang mga sumusunod na tanong. Ibahagi ang mga nakalap na impormasyon sa harap ng klase.

1. Ano-anong likas na yaman mayroon sa inyong rehiyon?
2. Ano ang pangunahing kabuhayan ng mga tao sa inyong rehiyon?
3. Ano ang iniaambag ng inyong rehiyon sa ekonomiya ng bansa?
4. Paano mo inaalagaan ang likas na yaman ng inyong rehiyon?

ARALIN 8

Pakinabang Pang-ekonomiko ng Likas na Yaman ng Aking Bansa



Matututuhan at matutunghayan mo sa araling ito na ang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman. Kung kaya, ang mga Pilipino ay karaniwan nang umaasa rito upang matugunan ang mga pangangailangan. Malalaman mo rin ang iba't ibang produktong maaaring makuha sa mga yamang ito. Ang mga ito rin ang nagdudulot ng pag-angat ng antas ng ekonomiya ng bansa.



Layunin

- ◇ Maipaliwanag ang iba't ibang pakinabang pang-ekonomiko ng mga pinagkukunang-yaman.
- ◇ Nailalahad ang kahalagahan at pakinabang ng likas na yaman sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.
- ◇ Naipapakita ang pakikiisa sa pangkatang gawain.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Papangkatin ang klase sa apat. Gamit ang malaking papel o kartolina, ang bawat pangkat ay guguhit ng likas na yaman—pipili ng isa kung **Yamang Lupa, Yamang Gubat, Yamang Mineral, Yamang Tubig, o Yamang Tao**. Mula sa naiguhit na likas na yaman, ipaliliwanag ng bawat pangkat kung ano ang naitutulong nito sa kanilang buhay bilang mag-aaral.



Pagtatanim ng Kaalaman

Iba't Ibang Pakinabang Pang-ekonomiko ng mga Pinagkukunang Yaman

Ang Pilipinas ay isang arkipelago. Binubuo ito ng mga malalaki at maliliit na pulo. Dahil sa estratehikong lokasyon ng ating bansa, nabigyan nito ng kabuhayan ang mga tao at natugunan ang mga pangangailangan ng mga Pilipino. Ang pangunahing hanapbuhay sa bansa ay ang **pagtatanim** at **pangingisda**. Ang mga likas na yaman ay nagbibigay ng kapakinabangang pang-ekonomiko. Ang **pang-ekonomiko** ay nangangahulugang pamamaraan ng paglikha, pamamahagi at paggamit ng yaman, kalakal, at serbisyo ng isang bansa.

Malaki ang impluwensiya ng topograpiya ng bansa sa pamumuhay ng mga tao. Basahin natin ang mga pakinabang pang-ekonomiko ng mga pinagkukunang yaman ng bansa.

Pakinabang sa Kalakal at Produkto



Ang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman. Kung kaya, ang Pilipino ay karaniwan nang umaasa rito upang matugunan ang kani-kaniyang pangangailangan. Maraming produktong nakukuha sa mga yamang ito. Ang mga ito rin ang nagdudulot ng pag-angat ng antas ng ekonomiya ng bansa.

Pakinabang sa Turismo



Bukod sa mga kalakal at produkto, likas na yaman ding maituturing ang maraming lugar at tanawin sa bansa. Malakas itong atraksiyon sa mga turista buhat sa mga karatig-lalawigan at maging sa labas ng bansa. Ilan sa mga atraksiyong ito ang mga dalampasigan, talon, ilog, kabundukan, bulkan, kagubatan, at maging ang ilalim ng dagat. Dinarayo rin ng mga turista ang mga makasaysayang lugar sa bansa. Bunga nito, malaki ang naiaambag ng turismo sa pag-unlad ng ekonomiya.

Pakinabang sa Enerhiya



Pag-isipan:

Sa iyong palagay, ano ang maaaring maging epekto kung hindi tayo aangkat ng langis sa sariling likas yaman natin?

Pinagkukunan din ng enerhiya ang likas na yaman ng bansa. Isa itong malaking bagay na nakatutulong sa ating ekonomiya dahil hindi na natin kailangang umangkat pa ng maraming krudo o langis. Pinatatakbo ang mga planta ng kuryente sa pamamagitan ng pwersa ng tubig mula sa Talon ng Maria Cristina, lawa ng Caliraya, at lakas ng hangin sa Bangui, Ilocos Norte sa pamamagitan ng *windmill*.

Ang sumusunod ay ilan pa sa pakinabang na nakukuha natin sa yamang likas ng ating bansa:

Yamang Lupa

- Pinagkukunang yaman na napapalitan.
- Nagbibigay ng mga produktong agrikultural sa bansa.
- Sumusuporta sa kaunlarang pangkabuhayan ng bansa.
- Nagbibigay ng sustansya sa mga halaman.

Yamang Gubat

- Pinakamahalagang yamang likas na napapalitan.
- Nagsasagawa ng konserbasyon ng panustos na tubig.
- Nagbibigay ng proteksyon sa lupa upang maiwasan ang erosyon.
- Kinokontrol ang daloy ng tubig upang maiwasan ang pagbaha.
- Nagsisilbing tirahan ng mga hayop.
- Dito nakukuha ang mga troso na nagsisilbing hilaw na sangkap.

Yamang Mineral

- Mayaman ang Pilipinas sa mga yamang mineral.
- Maraming mga metal na makatutugon sa mga pangangailangan ng isang ekonomiyang industriyal.

Yamang Tubig

- Nagsisilbi ring enerhiya o lakas para sa mga produksyong industriyal at irigasyon. *Hydroelectric energy* ang tawag dito.

- Ginagamit din para sa transportasyon at nagsisilbi ring basehan sa pagtukoy ng mga hangganang politikal.
- Ginagamit sa mga gawaing pantahanan. Ginagamit ng tao ang tubig sa pagluluto, paglilinis, at pag-inom ng tubig.
- Ang pagiging insular ng bansa ay nagbigay ng ikinabubuhay sa karamihan sa atin.

Yamang Tao

- Tumutukoy sa mga taong naglililang ng likas na kayamanan. Ito ay nauuri sa dalawang kategorya:
- Ang **unang kategorya** ay binubuo ng mga taong nagpoprodyus ng mga ani o kalakal. Ang mga halimbawa nito ay magsasaka, mangingisda, minero, o mga nasa industriya na nagbubuo ng kalakal. Ang kalakal ay mga bagay na maaaring ipagbili o gamiting hilaw na sangkap sa paggawa ng produkto.

Pag-isipan:

Sa paanong paraan nagkakaroon ng pagkakaiba ang una at ikalawang kategorya ng yamang tao? Ano ang kahalagahan nila? Ipaliwanag.

- Ang **ikalawang kategorya** ay tumutukoy sa mga taong nagpoprodyus ng produkto. Ilan sa mga halimbawa nito ay nars, doktor, guro, abogado, at iba pa na nagbibigay ng serbisyo. Ang serbisyo ay mga gawaing ginagawa para sa kapakinabangan ng ibang tao.

Yamang Kapital

- Kapital o puhunan ang tawag sa mga hilaw na sangkap na ginagamit ng tao upang makabuo ng panibagong produkto.



_____1. Anong yaman ang tumutukoy sa mga taong naglililang ng likas na kayamanan?

- _____2. Anong yaman ang nagbibigay-proteksyon sa lupa upang maiwasan ang erosyon?

- _____3. Ano ang isang atraksiyon sa mga turista na makikita sa bansa?

- _____4. Alin sa mga sumusunod ang pakinabang na nakukuha sa yamang tubig?

- _____5. Alin sa mga sumusunod ang pakinabang na nakukuha sa yamang lupa?

- 
- 69

- c. mga taong nagpoprodyus ng iba't ibang produkto
- d. lahat ng nabanggit ay tama



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Punan ang tsart ng hinihinging impormasyon tungkol sa mga likas na yaman batay sa produkto, tanawin, at enerhiya. Ibigay rin ang pakinabang nito sa pang-ekonomiko.

Likas na Yaman	Pakinabang na Pang-ekonomiko
Produkto	
Tanawin	
Enerhiya	



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang mga likas na yaman ay nakapagdudulot ng maraming kapakinabangan sa ating ekonomiya.
- Ilan sa mga pinagmumulan ng kapakinabangang pang-ekonomiko ay ang mga produkto at kalakal mula sa mga likas na yaman, turismo, at kalakalan.
- Mahalagang siguraduhin na may tamang pagpapalano at pamamahala sa paggamit nito upang mapangalagaan ang kapaligiran at magdulot ng pangmatagalang pag-unlad.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin ang klase sa dalawa. Magkaroon ng debate hinggil sa paksang: **“Alin ang higit na nakatutulong sa pag-angat ng ekonomiya: Magagandang impraestruktura at kalakalan o ang masaganang likas na yaman?”** Ang isang pangkat ang tatalakay sa impraestruktura at kalakalan at ang isang pangkat ang tatalakay sa masaganang likas na yaman.

ARALIN 9

Hamon sa mga Gawaing Pangkabuhayan

Matututuhan mo sa araling ito ang ilan sa mga hamon sa gawaing pangkabuhayan ng mga Pilipino. Ang tao at likas na yaman ay bahagi ng kalikasan. Ito ay may ugnayan sa isa't isa dahil walang mananatiling buhay kung walang pagtutulungan. Sa pagnanais ng taong umunlad at maging maayos ang kaniyang pamumuhay, nasisira niya ang kagandahan ng kalikasan at ang kakayahan nito na suportahan ang mga pangangailangan at gawain nito.



Layunin

- ◇ Matalakay ang mga hamon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa.
- ◇ Maunawaan ang mga hamong pangkabuhayan sa bansa at ang tugon ng pamahalaan sa paglutas nito.
- ◇ Makapagbigay ng mungkahing paraan ng wastong pangangasiwa ng likas na yaman ng bansa.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sumulat ng isang komitment ukol sa iyong mga gagawin upang mapanatili at maprotektahan ang likas na yaman ng ating bansa.

KOMITMENT PARA SA LIKAS NA YAMAN NG PILIPINAS



Pagtatanim ng Kaalaman

Mahalaga ang likas na yaman dahil nagbibigay ito ng pangangailangan ng tao. Sa paglago ng industriya, ang mga likas na yaman ng bansa ay humahantong sa pagkasira. Humaharap ang ating bansa sa mga suliraning pangkapaligiran dahil na rin sa kawalan ng matalinong pagpapasya sa pangangasiwa sa mga ito.

Ang pagsasaka at pangingisda ang itinuturing na hanapbuhay sa ating bansa. Ito ay may malaking kontribusyon sa pambansang kita ng Pilipinas. Gayunpaman, ang pagsasaka at pangingisda sa bansa ay humaharap sa mga hamon o suliranin.

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, bakit pagsasaka at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay sa ating bansa?

Pagsasaka

Maraming magsasaka ang humaharap sa mga hamon ng kanilang kabuhayan. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- **Mataas na gastusin sa pagsasaka** – problema sa mga magsasaka ang patuloy na pagtaas ng halaga ng gastusin sa pagtatanim gaya ng patubig, abono, renta sa lupa, at mga kagamitan sa pagsasaka.
- **Kawalan ng maayos na impraestruktura** – kakulangan at hindi maayos na daan mula sa sakahan papunta sa pamilihan ang isa rin sa mga suliranin na kinahaharap ng ating mga magsasaka.
- **Climate Change** – malaki ang epekto ng pabago-bagong panahon na labis na nakaaapekto sa mga lupang sinasaka. Ang El niño, La niña, at malalakas na bagyong dumarating sa bansa ang ilan sa mga dahilan ng pabago-bagong panahon.
- **Suliranin sa kapital** – umaasa sa mga pautang ang ating mga magsasaka bunga ng kawalan ng kapital at pagkakaroon din ng malaking interes na nagpapahirap sa mga ito.
- **Pagdagsa ng mga dayuhang kalakal** – nagkakaroon ng kumpetisyon sa pagitan ng lokal na produkto at mga dayuhang produkto.
- **Kawalan ng makabagong teknolohiya** – marami pa rin sa mga magsasaka ang gumagamit ng mga tradisyonal na pamamaraan sa pagsasaka. Kakulangan din sa mga pagsasanay o *trainings* ang pumipigil sa mga magsasaka na pataasin ang kanilang kaalaman sa pagsasaka.

Pangingisda

Isa ang pangingisda sa karaniwang hanapbuhay ng tao. Isang malaking kapakinabangan sa pamumuhay ang nakukuha sa gawaing ito. Humaharap din sa mga suliranin ang mga mangingisdang Pilipino na dapat bigyan ng pansin. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- **Ilegal na pangangisda** – isa sa mga suliraning kinakaharap ng maraming mangangisda ay ang patuloy na paggamit ng dinamita at *cyanide*.
- **Pagkakaroon ng kalamidad** – ang pagtama at pagdaan ng malalakas na bagyo ay may malaking epekto rin sa mangangisda dahil nawawalan sila ng pagkakakitaan.
- **Polusyon sa tubig** – ang patuloy na pagtatapon ng basura ng mga tao ay isa sa pinakasalik kung bakit nagkakaroon ng polusyon sa ating mga anyong tubig.
- **Kakulangan ng tulong mula sa pamahalaan** – bihira ang subsidiya o tulong mula sa pamahalaan ang nakukuha ng ating mga mangangisda.
- **Kakulangan sa kagamitan at makabagong teknolohiya** – ang kakulangan sa mga kagamitan tulad ng lambat, bangka, makina, at mga kaalaman sa makabagong teknolohiya ay mga hamon din sa ating mga Pilipinong mangangisda.

Bukod sa pagsasaka at pangangisda, ilan pa sa mga hamon at suliraning pangkapaligiran ng ating bansa ay nararanasan din sa iba't ibang yaman ng bansa.

Yamang Lupa

- Nakasisira sa uri at kalidad ng lupa ang mga basurang itinatapon dito.
- Nagkakaroon ng erosyon.
- Pagkamatay at pagkaubos ng napakaraming hayop sa kagubatan.
- Biglaang pagbaha.
- Paggamit ng lupa para sa subdibisyon at iba pang industriyal at komersyal na gusali.

- Hindi maayos na pagtatapon ng basura.
- Patuloy na pagkakaingin.

Yamang Gubat

Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, ano ang maaari mong gawin upang mapangalagaan ang ating yamang gubat?

- Nauubos na kagubatan.
- Illegal na pagputol ng mga puno.
- *Fuelwood harvesting* o paggamit ng mga punong-kahoy bilang panggatong o paggawa ng uling ay nagbubunga ng pagkawasak ng malaking porsyon ng kagubatan.

Yamang Dagat

- Polusyon.
- Pangunguha ng mga yamang dagat gaya ng korales at perlas upang gawing alahas at palamuti.
- Maling paraan ng pangingisda o *cyanide fishing*.

Yamang Mineral

- Illegal na pagmimina.
- Pagtatapon ng mga dumi o bato mula sa minahan sa mga daluyan ng tubig.
- Nakalalasong mga kemikal na itinatapon mula sa minahan na nakakaapekto sa yamang tubig.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A. Piliin ang titik ng tamang sagot.

Hanay A

1. Walang habas na paggamit ng likas na yaman.
2. Kawalan ng tulong at suporta ng pamahalaan.
3. Kakulangan sa makabagong teknolohiya.
4. Polusyon sa tubig.
5. Paggamit ng dinamita at *cynanide*.

Hanay B

- A. Humahantong sa kakulangan at kakapusan.
- B. Mabagal na produksyon ng mga produkto.
- C. Pagkawasak ng coral reefs na siyang tirahan ng mga isda.
- D. Nagdudulot ng mahinang produksyon ng isda.
- E. Kawalan ng oportunidad sa mga pagsasanay o trainings



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Papangkatin ang buong klase sa apat. Ang bawat pangkat ay maglilista ng mga hamon o suliraning pangkabuhayan na kinakaharap ngayon ng ating bansa.

Iba't Ibang Yaman	Mga Suliranin
Yamang Lupa	
Yamang Gubat	

Yamang Dagat	
Yamang Mineral	



Pag-aararo ng Kabuoan

- May iba't ibang hamon sa mga gawaing pangkabuhayang hinaharap ang bansa na maaaring maging hadlang o daan sa pagsulong o pag-unlad ng bansa.
- Ang mga magsasaka at mangingingisda sa bansa ay humaharap sa mga hamon o suliranin tulad ng masamang panahon, problema sa kapital, pagdagsa ng mga dayuhang kalakal, kakulangan sa makabagong teknolohiya, at kawalan ng tulong mula sa pamahalaan.
- Bawat bansa ay nagsisikap na magkaroon ng maunlad na pamumuhay, ngunit sa paghahangad ng kaunlaran, naisasakripisyo naman ang kapaligiran.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin ang klase sa dalawa. Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng isang *role play* at magbabahagi ng ilang mungkahing paraan sa wastong pangangalaga sa likas na yaman ng bansa.

ARALIN 10

Pagtuon sa mga Gawaing Pangkabuhayan



Matututuhan mo sa araling ito ang ilan sa mga tugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa. Masasaksihan mo rin ang ilan sa mga batas at programa na ipinatutupad ng pamahalaan upang mapanatiling maayos at malinis ang ating likas na yaman. Mahalaga rin na maunawaan ang kahalagahan ng matalinong pagpapasya at pangangasiwa sa likas na yaman ng Pilipinas.



Layunin

- ◇ Matalakay ang mga pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan ng bansa.
- ◇ Masuri ang mga batas at programa ng pamahalaan bilang pamamaraan sa pagtugon sa mga hamon o suliraning pangkapaligiran.
- ◇ Mapahalagahan ang matalinong pagpapasya at pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sumulat ng tatlong gawain tungkol sa matalinong paggamit ng likas na yaman.

1. _____
2. _____
3. _____



Pagtatanim ng Kaalaman

Kailangan ang matalinong pagpasya sa pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa. Ang tama at maayos na pangangasiwa sa likas na yaman ay magdudulot ng kasaganaan at kaligtasan ng kapaligiran upang tayo ay patuloy na makinabang dito. Sa matalinong paggamit ng likas na yaman, mapananatili natin ang kagandahan at kapakinabangang inihahandog ng ating mga likas na kayamanan.

Ating alamin ang ilang paraan para sa pangangalaga sa likas na yaman upang mapahinto ang pagkasira at mapanatili ang kagalingan nito.

Yamang Lupa

- Sistemang pagtatanim para sa pangangalaga ng lupa.
- Konserbasyon ng gubat dahil ito ay nagbibigay-proteksyon sa lupa.
- Dapat taniman ang mga lupain na walang tanim dahil ito ay nagbibigay-proteksyon sa matinding pag-ulan.
- Pagsasagawa ng *contour strip cropping* o halinhinang pagtatanim sa mga piraso ng lupa na nakatutulong upang mapigilan ang erosyon.
- Paggamit ng mga pataba sa lupa.

Yamang Dagat at Tubig

- Huwag magtapon ng mga basura sa mga anyong tubig.
- Pagpapatayo ng dam upang may magamit sa oras ng pangangailangan.
- Pagbabawal sa maling paraan ng pangingisda.
- Paggamit ng mga *artificial reefs*.
- Ayusin ang mga sirang tubo o gripo sa bahay.

Yamang Gubat

- Iwasan ang pagkakaingin.
- Palitan ang mga pinutol na puno ng panibago.
- Putulin lamang ang mga matatandang puno at iwan ang maliliit.
- Pagkakaroon ng mga pambansang parke upang magsilbing tirahan ng iba't ibang mailap na hayop.

Yamang Mineral

- Pagbabawal sa illegal na pagmimina.

Mga Pamamaraan ng Pamahalaan

Ang pamahalaan ay may mahalagang gampanin sa pagtugon sa mga suliraning pangkapaligiran. Tungkulin ng pamahalaan na magpatupad ng mga batas at patakaran na titiyak sa seguridad ng pangangailangan ng

Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, paano mo susuportahan o itataguyod ang mga programa at batas tungkol sa pangkalikasan ng pamahalaan?

mga mamamayan at ng susunod na henerasyon. Ang ating pamahalaan ay nagsagawa ng mga batas at programa upang mapangalagaan at maingatan ang ating kalikasan.

- **Republic Act No. 428** – layunin ng batas na ito na ipagbawal ang pagbebenta o pagbili ng isda at ibang yamang dagat na pinatay sa pamamagitan ng dinamita o paglalason.

- **Republic Act No. 9275 o Philippine Clean Water Act of 2004** – layunin ng batas

na ito na bumuo ng mga plano tungo sa pangmatagalan at pangmalawakang paghadlang sa pagdumi ng mga katubigan sa Pilipinas. Isinasaad din sa batas na ito ang pagpapalaganap ng impormasyon sa publiko ng kahalagahan ng pagpapanatili ng kalinisan ng katubigan.

- **Presidential Decree No. 705 o Forestry Reform Code of the Philippines** – ang batas na ito ay binuo upang protektahan ang kagubatan at kakahuyan ng Pilipinas. Nilalaman ng batas na ito ang epektibong pangangasiwa ng mga lupain at yamang lupa sa bansa. Layunin din ng batas na ito na pangasiwaan ang damit at uri ng kakahuyan na maaaring putulin, pati na rin ang pamamaraan ng pagkuha ng lisensya ng mga kumpanyang puputol ng puno.
- **PD 1219 at PD 1698 o Coral Resources Development and Conservation Decree** – layunin ng batas na ito na protektahan ang mga yamang koral sa katubigan ng Pilipinas. Ipinagbabawal ng batas na ito ang pangongolekta, pagbebenta, at pagluluwas ng mga koral mula sa mga katubigan sa bansa. Hindi rin pinahihintulutan ng batas na ito ang paggamit ng mga koral sa paggawa ng mga eskultura.

- **National Greening Program** o **NGP** – layunin ng programang ito na makapagtanim ng 1.5 bilyong punongkahoy sa 1.5 milyong ektarya sa loob ng anim na taon mula 2011 hanggang 2016.

Ang pangangalaga sa kapaligiran ay pananagutan ng lahat. Bawat isa sa atin maging ang iba't ibang sektor ng ating lipunan ay nararapat na maging kabahagi sa pagsusulong ng maunlad at maayos na kapaligiran.

Pag-isipan:

Para sa iyo, maganda ba ang layunin ng NGP? Paano ito makatutulong sa ating kalikasan?



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Ano ang layunin ng Republic Act No. 428?
 - a. bumuo ng mga plano tungo sa pangmatagalan at pangmalawakang paghadlang sa pagdumi ng mga katubigan sa Pilipinas
 - b. protektahan ang mga yamang koral sa katubigan ng Pilipinas
 - c. ipagbawal ang pagbebenta o pagbili ng isda at ibang yamang dagat na pinatay sa pamamagitan ng dinamita o paglalason
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____2. Anong batas ang binuo upang protektahan ang kagubatan at kakahuyan ng Pilipinas?
 - a. Republic Act No. 9275
 - b. Presidential Decree No. 705

c. PD 1219

d. Republic Act. 428

_____3. Ano ang programang may layuning makapagtanim ng 1.5 bilyong punong kahoy sa 1.5 milyong ektarya sa loob ng anim na taon mula 2011 hanggang 2016?

a. NGP

c. PD 1698

b. PD 1219

d. Republic Act. 428

_____4. Anong batas ang may layuning bumuo ng mga plano tungo sa pangmatagalan at pangmalawakang paghadlang sa pagdumi ng mga katubigan sa Pilipinas?

a. PD 1698

b. NGP

c. PD 1219

d. Philippine Clean Water Act of 2004

_____5. Ano ang isang paraan upang mapangalagaan ang yamang dagat at tubig?

a. gumamit ng mga pataba sa lupa

b. palitan ang mga pinutol na puno

c. huwag magtapon ng basura sa mga anyong tubig

d. lahat ng nabanggit ay tama



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maghanap ng kapares. Magbigay ng tig-dadalawang pagsasaayos na gagawin sa bawat kalagayan ng ating likas na yaman.

1. Pagbaha at pagguho ng lupa sa mga pamayanan.

a. _____

b. _____

2. Mga basura sa tabi ng daan.

a. _____

b. _____

3. Maruming hangin dulot ng mga usok mula sa mga sasakyan at pabrika.

a. _____

b. _____

4. Illegal na pagputol ng mga puno.

a. _____

b. _____

5. Illegal na pangingisda.

a. _____

b. _____



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang bawat Pilipino ay kabahagi sa pagharap at pagbibigay-solusyon sa mga hamon sa mga gawaing pangkabuhayan.
- Tao ang solusyon sa mga kinakaharap na suliranin. Tamang disiplina sa sarili at respeto sa kalikasan ang maaaring gawin ng mamamayan.
- Ang wastong pagpapahalaga sa mga likas na yaman ay isang mahalagang tungkulin upang mapanatili ang tagumpay at kaunlaran ng Pilipinas.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa tatlo ang buong klase. Bawat pangkat ay gagawa ng isang diorama ukol sa epekto sa mga tao ng matalinong paggamit ng likas na yaman. Mula sa nagawa ng bawat pangkat, ibahagi at ipaliwanag ito sa harap ng klase.



ARALIN 11

Mga Hamon sa Pagkamit ng Likas-kayang Pag-unlad



Mauunawan mo sa araling ito na ang likas-kayang pag-unlad ay isang mahalagang paksa na dapat pag-usapan at bigyang-pansin ngayon. Sa ating kasalukuyang sitwasyon, ang patuloy na pag-unlad ng ating bansa at ng buong mundo ay mayroong malalim at pangmatagalang epekto sa ating kapaligiran. Dahil dito, mahalagang hanapin natin ang mga paraan at hakbang upang magkaroon ng pag-unlad na hindi nagdudulot ng pinsalang pangkalikasan.




Layunin

- ◇ Matukoy ang mga hamon sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad.
- ◇ Maunawaan ang layunin at kahalagahan ng likas-kayang pag-unlad.
- ◇ Makiisa sa mga gawaing lumilinang sa pangangalaga at nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad ng mga likas na yaman ng bansa.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Pangkatin sa apat ang buong klase. Gumuhit ng isang larawan ng pamilyang nakatira sa maunlad na pamayanang sagana sa likas na yaman. Kulayan at ipaliwanag ang ginawang gawain. Gawin itong makulay.



Pagtatanim ng Kaalaman

Sa panahon ngayon, napapansin natin ang pagtaas ng mga suliranin tulad ng pag-init ng mundo, pagkasira ng kalikasan, pag-angkin ng malalaking kumpanya sa likas na yaman, at iba pang mga banta sa ating buhay at kalikasan. Ito ay mga senyales ng hindi sapat na pangangalaga at pag-iingat sa ating likas na yaman. Sa araling ito, ating alamin ang mga hamon sa pagkamit ng likas- kayang pag-unlad.

Hamon sa Pagkamit ng Likas-kayang Pag-unlad

Ang **likas-kayang pag-unlad** ay tumutukoy sa isang uri ng pag-unlad na hindi sumisira o nagdudulot ng pinsala sa kalikasan at humahantong sa pangmatagalang kaunlaran ng mga tao at ng kapaligiran. Nagbibigay ito sa likas na yaman ng bansa na makabawi at magkaroon muli ng kakayahan sa produksyon. Ito ang sagot sa pangangailangan ng mga tao sa kasalukyan at hindi nailalagay sa panganib ang mga susunod pang henerasyon. Ang likas-kayang pag-unlad ay may kinalaman din sa pagpapasya ng tao kung gaano ang maaaring gamitin, paano gagamitin at sino ang gagamit ng likas na yaman ng bansa.

Ang pagkamit ng likas-kayang pag-unlad ay may ilang mga hamon at pagsubok na kinakaharap ngayon:

- **Paglimita sa mga mapanirang gawain** – isa sa mga hamon sa pag-unlad na likas-kayang pag-unlad ay ang pagpigil sa mga mapanirang gawain tulad ng *illegal logging*, *overfishing*, at illegal na pagmimina. Ang mga mapanirang gawain na ito ay nagdudulot ng *environmental degradation* at maaaring magkaroon ng malalim na epekto sa mga *ecosystem*.
- **Edukasyon at kamalayan** – ang pagbabago ng pangkaisipan at pag-iisip ng mga tao tungkol sa pangangalaga sa kalikasan ay isa pang hamon. Kailangan ng mga programa at kampanya na magturo at magpabago sa kamalayan ng mga tao tungkol sa mga benepisyo ng likas-kayang pag-unlad at kung paano makatulong sa pangangalaga ng kalikasan.
- **Pagkakaroon ng tamang polisiya at regulasyon** – ang mga pamahalaan at institusyon sa buong mundo ay nangangailangan ng tamang mga polisiya at regulasyon upang matiyak na sinusunod ang prinsipyo ng likas-kayang pag-unlad. Ang pagbuo at pagpapatupad ng mga batas at regulasyon na naglalayong mapanatili ang ekolohiya at pang-ekonomiyang balanse ay mahalaga.
- **Kakulangan sa pondo** – ang likas-kayang pag-unlad ay nangangailangan ng mga pondo upang maisakatuparan ang mga proyekto at programa. Ang kakulangan sa pondo ay isa sa mga malaking hamon na kinakaharap ng mga organisasyon at institusyon na nagnanais na magsagawa ng mga gawaing pang-unlad na hindi sumisira sa kalikasan.
- **Pakikipagtulungan ng lahat** – ang pagkamit ng likas-kayang pag-unlad ay hindi lamang responsibilidad ng mga organisasyon at pamahalaan lamang, kundi ng bawat isa sa atin. Malaking hamon ang pagkakaroon ng sama-samang aksyon at pakikipagtulungan ng lahat ng sektor ng

Pag-isipan:

Sumasang-ayon ka bang hindi lamang responsibilidad ng organisasyon at pamahalaan ang pagkamit ng likas-kayang pag-unlad? Ipaliwanag kung bakit.

lipunan para matiyak na maisasakatuparan ang mga hakbang na naglalayong makamit ang likas-kayang pag-unlad.

Ang pagkamit ng likas-kayang pag-unlad ay isang malaking hamon ng ating panahon. Ngunit, sa tamang pagsisikap, edukasyon, at pakikipagtulungan, maaari nating matamo ang tagumpay na ito at magkaroon tayo ng mas magandang kinabukasan para sa susunod na henerasyon.

Layunin ng Likas-kayang Pag-unlad

Ang layunin ng likas-kayang pag-unlad ay ang magkaroon ng isang pag-unlad na magbibigay ng pantay na pagkakataon sa kasalukuyang henerasyon na magkaroon ng magandang pamumuhay at pangangailangan, nang hindi nasisira o naapektuhan ang kakayahang matugunan ang pangangailangan ng mga susunod na henerasyon.

Ang likas kayang pag-unlad ay naglalayong magtaguyod ng isang lipunang may ekonomiya at pag-unlad na tumutugon sa mga pangangailangan ng tao ngayon, nang hindi naapektuhan ang kakayahan ng kalikasan na mag-*regenerate* at magpanatili ng kaniyang natural na mga proseso at balanse.

Tingnan natin ang ilan sa mga sumusunod na layunin ng likas-kayang pag-unlad:

- **Pangmatagalang paggamit ng likas na yaman** – ang pag-unlad na likas-kayang paraan ay naglalayong magkaroon ng tamang pangangasiwa sa likas na yaman, upang matiyak na ito ay magagamit ng kasalukuyan at ng mga susunod na henerasyon.

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, bakit kailangang magkaroon ng tamang pangangasiwa sa likas na yaman ng bansa?

- **Pangangalaga sa kalikasan** – ang likas-kayang pag-unlad ay layunin din na pangalagaan at protektahan ang kalikasan at mga ekosistema. Ito ay naglalayong mapanatili ang kalidad ng hangin, tubig, at lupa, at masunod ang mga hakbang upang maibsan ang epekto ng *climate change* at iba pang *environmental issues*.

- **pagkakapantay na oportunidad** – ang likas-kayang pag-unlad ay naglalayong magkaroon ng pagkakapantay-pantay ng oportunidad at benepisyo para sa lahat ng sektor ng lipunan. Ito ay naghahangad ng pagkakaroon ng magandang pamumuhay, trabaho, at serbisyo para sa lahat, nang hindi nagdudulot ng diskriminasyon o pagkasira sa kalikasan.
- **Edukasyon at kamalayan** – isa rin sa layunin ng likas-kayang pag-unlad ang pagpapalawak ng edukasyon at kamalayan ukol sa pangangalaga sa kalikasan at ang pag-unlad na hindi sumisira sa kapaligiran. Ang pagkakaroon ng kaalaman at kamalayan ay mahalaga upang magkaroon ng mas malawak at pangmatagalang pagbabago.

Ang mga layunin ng likas kayang pag-unlad ay may layuning magkaroon ng *sustainable* na pag-unlad na nagbibigay ng magandang kinabukasan hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon, kundi pati na rin para sa mga susunod na henerasyon. Pinagsisikapan ng likas kayang pag-unlad na maisakatuparan ang mga pagbabago at hakbang upang matugunan ang pangangailangan ng tao nang hindi sinasakripisyo ang kalikasan at ang potensyal nito na patuloy na maghatid ng mga benepisyo.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Ano ang kahulugan ng likas-kayang pag-unlad?
- a. tumutukoy sa isang uri ng pag-unlad na hindi sumisira o nagdudulot ng pinsala sa kalikasan
 - b. nagdudulot ng *environmental degradation* at maaaring magkaroon ng malalim na epekto sa mga *ecosystem*
 - c. sama-samang aksyon at pakikipagtulungan ng lahat ng sektor ng lipunan
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____2. Ano ang isang kinakailangan ng likas-kayang pag-unlad upang maisakatuparan ang mga proyekto at programa?
- a. edukasyon
 - b. pondo
 - c. batas
 - d. regulasyon
- _____3. Ano ang layunin ng likas-kayang pag-unlad?
- a. magkaroon ng pagkakapantay-pantay ng oportunidad at benepisyo para sa lahat ng sektor ng lipunan
 - b. pangalagaan at protektahan ang kalikasan at mga ekosistema
 - c. magkaroon ng tamang pangangasiwa sa likas na yaman
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____4. Alin sa sumusunod ang layunin ng likas-kayang pag-unlad para sa edukasyon at kamalayan?
- a. maparami ang mga batang nag-aaral ng iba't ibang wika
 - b. magtaguyod ng isang lipunang may ekonomiya

- c. mapalawak ang edukasyon at kamalayan ukol sa pangangalaga sa kalikasan at ang pag-unlad na hindi sumisira sa kapaligiran
- d. magkaroon ng *sustainable* na pag-unlad na nagbibigay ng magandang kinabukasan hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon, kundi pati na rin para sa mga susunod na henerasyon

_____5. Ano ang isa sa mga hamon sa pag-unlad ng likas-kayang pag-unlad hinggil sa pagpigil sa mga mapanirang gawain?

- a. *illegal logging*
- b. *overfishing*
- c. ilegal na pagmimina
- d. lahat ng nabanggit ay tama



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maghanap ng kapares. Maglista ng limang hamon at pagsubok na kinakaharap sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad.

Mga Hamon at Pagsubok na Kinahaharap sa Pagkamit ng Likas-Kayang Pag-unlad

1.

2.

3.

4.

5.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang likas kayang pag-unlad ay isang hamon sa ating lahat. Ang bawat isa sa atin ay may malaking bahagi at papel na ginagampanan upang maabot ito.
- Kailangan nating maging mapanuri sa mga hakbang na ginagawa natin, maging responsable sa ating mga gawi at paggamit ng mga mapagkukunan, at aktibong makisali sa mga programa na naglalayong pangalagaan at palawakin ang likas na yaman ng ating bansa.

- Ang likas-kayang pag-unlad ay hindi lamang tungkol sa pag-iingat sa ating likas na yaman, kundi pati na rin sa pagbibigay ng patas na pagkakataon sa lahat na makibahagi sa mga benepisyo ng pag-unlad.
- Mahalaga rin na maging patas at pantay ang pag-akses ng mga mamamayan sa mga serbisyong pangkalusugan, edukasyon, trabaho, at iba pa.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Bumuo ng pangkat na may limang kasapi. Ang bawat pangkat ay magdidisenyo ng isang produktong kapaki-pakinabang at *environment-friendly* mula sa mga bagay na patapon na mayroon sa kanilang bahay. Ipresenta ito sa harap ng klase at ipaliwanag kung bakit ito ang nagawa.



ARALIN 12

Mga Gawaing Nagsusulong ng Likas-kayang Pag-unlad



Matututuhan mo sa araling ito ang ilan sa mga tugon sa mga gawain at hakbang na maaaring gawin ng isang tulad mo sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad. Isa-isahin din ang mga programang maaaring isulong sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad o *sustainable development* ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa.



Layunin

- ◇ Mapahalagahan ang mga gawaing nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad (*sustainable development*) ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa.
- ◇ Makapagbigay ng mga hakbang kung paano maisusulong ang likas-kayang pag-unlad.
- ◇ Mapahalagahan ang mga programa o proyektong nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Magsulat ng isang liham para sa mga susunod na henerasyon upang mapangalagaan ang likas-kayang pag-unlad. Ibahagi ang liham sa klase.

Para sa mga kabataan ng susunod na henerasyon,



Pagtatanim ng Kaalaman

May mga solusyon at paraan upang maabot natin ang likas-kayang pag-unlad. Ang mga ito ay mga hakbang na nakatuon sa pangmatagalang kaligayahan ng ating bansa at ng mga susunod na henerasyon. Nais nating matiyak na magkakaroon ng balanseng pag-unlad na hindi lamang sumusulong sa ekonomiya at kabuhayan, pero nagtataguyod rin ng pangangalaga sa kalikasan at likas na yaman.

Ang mga sumusunod na gawain ay naglalayong maisulong ang likas-kayang pag-unlad:

- **Pagtatanim ng mga puno at kagubatan** – ito ay isa sa mga pinakamadaling gawain na naglalayong pangalagaan ang kalikasan at magbigay ng seguridad sa mga susunod na henerasyon na magtatabi ng likas na yaman. Ang pagtatanim ng mga punongkahoy at kagubatan ay isang magandang paraan upang hindi manganib o maubos ang mga puno sa bansa.
- **Pagkakaroon ng mga *marine protected areas* (MPA)** – ang mga MPA ay ang mga lugar sa karagatan na ginawang protektado

upang mapanatili ang iba't ibang uri ng isda at yamang dagat na tumutulong sa pangangailangan ng mga tao. Ito ay isa sa mga epektibong paraan upang pangalagaan at mapanatili ang likas na yaman sa dagat.

- **Pagpapalaganap ng *renewable energy*** – ito ay tumutukoy sa mga uri ng enerhiya na hindi ginagamit ang mga *non-renewable* na pinagkukunan tulad ng langis, gas, at iba pa. Sa halip, ginagamit ang mas *sustainable* na pinagkukunan tulad ng *solar*, *wind*, at *hydro*. Ito ay isang magandang paraan upang mabawasan ang *carbon footprint* at magtulungan upang mapalawak ang *renewable energy resources* ng bansa.
- **Pagtataas ng kaalaman sa kalikasan** – mahalaga ang kaalaman sa kalikasan upang matuto ang mga tao ng tamang pamamahala at pangangalaga nito. Ang mga gawain na naglalayon upang mapataas ang kaalaman ng mga tao ay nagbibigay ng malakas na bisa sa pangangalaga sa kalikasan, partikular sa mga mag-aaral at residente ng isang lugar na may malapit na relasyon sa kalikasan.
- **Pagsusulong ng *sustainable na agriculture*** – ito ay mga praktis sa pamamahala ng agrikultura na nakatuon sa *long-term viability*. Ito ay layuning palakasin ang lupa para sa pangmatagalang pagtatanim ng mga pananim, gamitin ang *biodegradable* na mga natural na pampagana, at protektahan ang kalikasan mula sa mga negatibong epekto ng agrikultura tulad ng soil erosyon at pagbaba ng kalidad ng lupa.
- **Pagkakaroon ng mga *environmental-friendly* na programa** – ito ay kabilang sa mga proyekto ng pamahalaan na naglalayon upang makatulong sa pangangalaga sa kalikasan. Halimbawa nito ay ang pagbabawas ng mga plastik na ginagamit sa pagbili ng mga pagkain, pagpapalawak ng mga *recycling centers* sa mga siyudad, at pagpapalawak ng *eco-tourism programs* sa bansa.

Mga Hakbang na Maaaring Gawin Upang Makamit ang Likas-kayang Pag-unlad

Mayroong ilang hakbang na maaaring gawin upang makamit ang likas-kayang pag-unlad. Narito ang ilan sa mga ito:

- **Pangangasiwa sa likas na yaman** – ang mga likas na yaman ay dapat pangalagaan at protektahan upang matiyak na magagamit pa ito ng mga susunod na henerasyon. Ito ay maaaring isakatuparan sa pamamagitan ng tamang pangangasiwa sa mga kagubatan, pagpapalawak ng mga *marine protected areas*, at pagkakaroon ng mga batas makakalikasan na naglalayong protektahan ang iba't ibang uri ng *biodiversity*.
- **Pag-unlad ng ekonomiya** – ang likas-kayang pag-unlad ay hindi lamang tungkol sa pangangalaga ng kalikasan kundi pati na rin sa pagpapalago ng ekonomiya ng isang bansa. Ito ay maaari ding isakatuparan sa pamamagitan sa pagpapalakas ng mga lokal na industriya, pagpapalawak ng turismo, at iba pang mga negosyo na hindi nakasisira sa kalikasan.
- **Pagkakaroon ng malinis na pangangalaga sa kalikasan** – malaki ang epekto ng pagtatapon ng basura at polusyon sa kalikasan. Kaya naman, mahalagang magkaroon ng mga hakbang upang mapanatili ang kalinisan tulad ng pagtutuloy ng mga kampanya tungkol sa *waste segregation*, paglilinis ng mga dagat, at pagbibigay ng sapat na impormasyon ukol sa pangangalaga sa mga *environmental-friendly practices*.
- **Pagpapalaganap ng pang-edukasyon** – para sa likas-kayang pag-unlad sa bansa ay kailangan ng malawakang pang-edukasyon sa mga tao patungkol sa mga pagbabago at mga hakbang upang makamit ito. Mahalaga na magbigay ng sapat na kaalaman tungkol sa pagpapalakas ng pang-ekonomiya, pangangalaga sa kalikasan, at pagkakaroon ng *sustainable* na pamumuhay.

Pag-isipan:

Sa paanong paraan makatutulong ang edukasyon sa pagpapaunlad ng likas-kayang pag-unlad?

- **Pagsuporta sa mga lokal na proyekto at organisasyon** – ang pagtugon sa likas-kayang pag-unlad ay dapat hatid sa pamamagitan ng mga lokal na organisasyon at proyekto. Ito ay maaari ding maging pangmatagalang programang panglikas-kayang pag-unlad sa bansa. Kung ating susuportahan ang mga lokal na mga gawaing pangkalikasan, makatutulong sa pagpapalakas ng pansariling komunidad na umaasa sa kalikasan para mabuhay.

Mga Proyektong Nagsusulong ng Likas-kayang Pag-unlad

Mayroon ding mga proyektong nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

- **Mga proyektong may kinalaman sa pagtatayo ng solar farms at wind farms** – ito ay mga proyekto na naglalayong magbuo ng mga solar at wind energy farms upang mapalawak ang paggamit ng renewable energy at bawasan ang pagdepende sa non-renewable na enerhiya tulad ng langis at gas.
- **Mga proyektong ukol sa pagsasaayos ng mga watershed** – ang mga proyektong ito ay naglalayong pangalagaan at ibalik ang kahalumigmigan ng mga puno, imburnal, at iba pang tagapagtustos ng tubig para mapanatili ang kalidad ng tubig sa mga karatig-lugar at mabawasan ang banta ng pagbaha.
- **Mga proyektong may kinalaman sa paglilinis at rehabilitasyon ng mga ilog at karagatan** – ito ay mga proyekto na gumagawa ng mga pagkilos upang linisin ang mga ilog at karagatan mula sa basura at polusyon. Kasama sa mga hakbang na ginagawa ang paglilinis, rehabilitasyon ng mga coral reefs, at pagpapatupad ng mga regulasyon upang pangalagaan ang mga ito.
- **Mga proyektong reforestation** – ang mga proyektong ito ay naglalayong magtanim ng mga puno at ibalik ang mga nasirang kagubatan. Ito ay mahalaga upang mapanatili ang biodiversity at

Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa mga proyektong reforestation?

pagkakaroon ng malusog na *ecosystem*.

- **Mga proyektong pagtatayo ng mga *eco-friendly* na imprastraktura** – ito ay mga proyekto ng pagsasama ng mga *eco-friendly* na pamamaraan ng pagtatayo ng mga gusali, tulad ng paggamit ng *recycled materials*, *green roofing*, *solar panels*, at *rainwater harvesting systems*.
- **Mga proyektong pangangalaga sa *endangered* na mga hayop at halaman** – ito ay mga proyekto na naglalayong pangalagaan at palawakin ang populasyon ng mga *endangered* na mga hayop at halaman sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga sanctuary at pagpapatupad ng mga programa para sa kanilang pangangalaga at pagpaparami.

Ang mga nabanggit na proyekto ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga hakbang na isinasagawa upang isulong ang likas-kayang pag-unlad. Mahalaga ang pagtutulungan ng mga indibidwal, pamahalaan, at sektor ng pribado upang masigurong magkaroon ng pangmatagalang pagpapalago at pangangalaga ng ating kalikasan at likas na yaman.

Sa ating pagkakaisa at pagiging aktibo, maipapamalas natin ang likas-kayang pag-unlad. Ito ang susi upang magkaroon tayo ng isang lipunan na nagtataguyod ng mahusay na pamamahala at pag-aalaga sa kalikasan at likas na yaman, kasabay ng pag-unlad at kaunlaran ng ating bansa at mga mamamayan.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Ano ang layunin ng proyektong mapangalagaan ang mga endangered na hayop at halaman?
- a. naglalayong linisin ang mga ilog at karagatan mula sa basura at polusyon
 - b. naglalayong makapagpatayo ng mga gusali, tulad ng paggamit ng *recycled materials*, *green roofing*, *solar panels*, at *rainwater harvesting systems*
 - c. naglalayong pangalagaan at palawakin ang populasyon ng mga *endangered* na mga hayop at halaman sa pamamagitan ng pagtatatag ng kulungan ng mga ito
 - d. naglalayong pangalagaan at palawakin ang populasyon ng mga *endangered* na mga hayop at halaman sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga *sanctuary* at pagpapatupad ng mga programa para sa kanilang pangangalaga at pagpaparami
- _____2. Anong proyekto ang naglalayong pangalagaan at ibalik ang kahalumigmigan ng mga puno, imburnal, at iba pang tagapagtustos ng tubig para mapanatili ang kalidad ng tubig sa mga karatig-lugar at mabawasan ang banta ng pagbaha?
- a. proyektong may kinalaman sa paglilinis at rehabilitasyon ng mga ilog at karagatan
 - b. proyektong may kinalaman sa pagtatayo ng *solar farms* at *wind farms*
 - c. proyektong ukol pagsasaayos ng mga *watershed*
 - d. proyektong *reforestation*

- _____3. Ano ang layunin ng pagkakaroon ng mga *marine protected areas* o MPA?
- a. tumutukoy mga uri ng enerhiya na hindi ginagamit ang mga *non-renewable* na pinagkukunan tulad ng langis, gas, at iba pa
 - b. tumutukoy mga lugar sa karagatan na ginawang protektado upang mapanatili ang mga iba't ibang uri ng isda at yamang dagat na tumutulong sa pangangailangan ng mga tao
 - c. tumutukoy sa mga praktis sa pamamahala ng agrikultura na nakatuon sa *long-term viability*
 - d. tumutukoy sa mga proyekto ng pamahalaan na naglalayon upang makatulong sa pangangalaga sa kalikasan
- _____4. Alin sa mga sumusunod ang isang hakbang na maaaring gawin upang makamit ang likas-kayang pag-unlad?
- a. pagsuporta sa mga lokal na proyekto at organisasyon
 - b. pagbuo ng isang samahan
 - c. pagbabahagi ng pagkain sa ibang tao
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____5. Alin sa mga sumusunod ang gawaing naglalayon na maisulong ang likas-kayang pag-unlad?
- a. pagpapalaganap ng *renewable energy*
 - b. pagtaas ng kaalaman sa kalikasan
 - c. pagkakaroon ng mga *environmental-friendly* na programa
 - d. lahat ng nabanggit ay tama



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin sa apat ang buong klase. Magbigay ng isang gawaing nagsusulong ng likas-yamang pag-unlad, isang hakbang na maaaring gawin upang makamit ang likas-kayang pag-unlad, at isang proyektong nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad mula sa natututuhan at tinalakay natin.

Gawaing Nagsusulong ng Likas-kayang Pag-unlad	
Hakbang na Maaaring Gawin Upang Makamit ang Likas-kayang Pag-unlad	
Proyektong Nagsusulong ng Likas-kayang Pag-unlad	



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang araling likas-kayang pag-unlad ay tumutukoy sa paggamit at pangangalaga sa likas na yaman at kapaligiran upang makamitan ang tunay na pag-unlad ng isang bansa.
- Ito ay isang pananaw na naglalayong tiyakin ang sapat na suplay ng mga likas na yaman para sa kasalukuyan at darating pang henerasyon.
- Upang mahinto ang patuloy na pagkasira ng ating kapaligiran, ang araling likas-kayang pag-unlad ay naglalayong magbigay ng mas malawak na kamalayan sa mga mamamayan tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan.

- Ito ay nagtuturo ng mga pamamaraan upang mapangalagaan ang mga likas na yaman at kapaligiran, tulad ng pagtatanim ng mga puno upang mapanatili ang gubat, tamang pagtatapon ng basura, at paggamit ng *renewable* na enerhiya.
- Sa kabuoan, ang araling likas-kayang pag-unlad ay naglalayong magbigay ng malalim na pag-unawa at kamalayan tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan para sa tunay na pag-unlad ng isang bansa.
- Sa pamamagitan ng pagtuturo nito, inaasahang mas magiging mahinahon at responsable ang mga mamamayan sa paggamit at pangangalaga sa likas na yaman.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Ang buong klase ay papangkatin sa dalawa. Bawat pangkat ay gagawa ng sanhi-bunga-aksyon tsart na maglalaman ng sanhi at bunga ng isang suliraning pangkapaligiran at ang maaring aksyon upang malutas ang nasabing suliranin.

Suliranin	Sanhi	Bunga	Aksyon
Polusyon sa hangin			
Pagbaha			
Kakulangan sa suplay ng tubig			

KABANATA 3

ANG PAMBANSANG PAMAHALAAN

Mauunawaan mo sa kabanatang ito ang ginagampanan ng mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pamahalaan. Bibigyang-pokus sa mga aralin kung paano nakakamit ang pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng bansa sa tulong ng mga pinuno na ito. Makagagawa ka rin ng proyektong nanghihikayat sa mga kapwa mag-aaral sa pagtataguyod at pakikiisa sa mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pamahalaan.



ARALIN 13

Mga Elemento ng Pagkabansa



Matututuhan mo sa araling ito ang apat na elementong bumubuo sa pagkabansa. Tatalakayin dito kung paanong ang mga elementong ito ay mahalaga upang masabing bansa ang isang bansa.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang mga elemento ng pagkabansa.
- ◇ Matalakay ang kahalagahan ng mga elemento ng pagkabansa.
- ◇ Mabuo ang konsepto ng pagkabansa.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Sumulat ng maikling sanaysay tungkol sa iyong pagkakaunawa sa kung ano ang pagkabansa.



Pagtatanim ng Kaalaman

Paano nga ba matatawag na bansa ang isang lugar? Ang bansa ay lupaing tinatahanan ng isang lahi na may sariling pamahalaan, wikang magkakaugnay, at nagkakaisa sa mga simulain at adhikain. Ito rin ay tumutukoy sa na malawak na lupaing nakikilala sa pamamagitan ng mga katangiang topograpiya, biyolohiya, at kultura.

Ang isang pagkabansa ay may apat na elemento. Ito ang tao, teritoryo, pamahalaan, at soberanya.

1. **Tao** – ito ay nilikha ng Diyos na naiiba sa ibang nilikha Niya dahil sa mataas na antas ng kaisipan, kakayahang magsalita, tumayo sa dalawang paa, at may kaluluwa. Tumutukoy ang tao sa grupong naninirahan sa loob ng teritoryo.

Ang tawag sa mga taong naninirahan sa Pilipinas ay mga Filipino. Kabilang din dito ang mga pangkat-etniko tulad ng Bisaya, Ilokano, Maranao, Cebuano, Tausug, at marami pang iba.

2. **Teritoryo** – ito ay isang heograpikong lugar sa ilalim ng isang namumuno at estado o awtoridad ng pamahalaan. Ang teritoryo ay maaaring binubuo ng kalupaan o katubigan na matitirhan ng mga tao.

Ang tawag sa teritoryo ng mga Filipino ay Pilipinas. Binubuo ito ng mahigit 7,000 na isla.



3. **Pamahalaan** – isang matatag na samahang nangangasiwa o namamahala sa isang bayan, estado, o bansa. Tungkulin nitong na tingnan kung ang lahat ay nasa ayos, nangyayari, o nagaganap nang wasto. Naglalayon din itong magpanatili ng kapayapaan sa anomang uri, anyo, at paraan. Halimbawa ng pamahalaan ay republikang pamahalaan, demokratikong pamahalaan, at sosyalistang pamahalaan.

Ang namamahala sa Pilipinas ay presidente. Kasama nito ang bise-presidente, mga senador, lokal na pamahalaan, at iba pa na bumubuo sa ehekutibo, lehislatibo, at panghukumang lebel.

Pag-isipan:

Maaari bang ituring na isang bansa ang bansa kahit walang pamahalaan? Bakit?



4. **Soberanya** – ito ay isang konseptong pampulitika na tumutukoy sa pinakamataas na awtoridad na namamahala sa kaniyang sinasakupan. Maituturing itong estado, komunidad, o anomang yunit pampolitika na nagsasarili at may kapangyarihang mamahala. Ibig sabihin, ang bansang may soberanya ay may kalayaan mula sa panlabas na kontrol.

Ang Pilipinas ay may ganap na kalayaan na magpasya para sa kapakanan at kalagayan ng sariling niya.

Tandaan na hindi maituturing na isang bansa ang isang lugar kung isa o higit pang elementong nabanggit ay wala rito.

Pag-isipan:

Bakit mahalaga ang soberanya ng isang bansa?

Ilan sa mga halimbawa ng may isang pagkabansa sa Asya ay ang Pilipinas, Japan, Vietnam, at Tsina. Samantalang ang mga halimbawa naman sa Europa ay ang Ireland, Germany, Hungary, at iba pa.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.



- _____1. Ano ang lupaing tinatahanan ng isang lahi na may sariling pamahalaan, wikang magkakaugnay, at nagkakaisa sa mga simulain at adhikain?
- _____2. Ano ang tawag sa isang heograpikong lugar sa ilalim ng isang namumuno at estado o awtoridad ng pamahalaan?
- _____3. Ano ang konseptong pampolitika na tumutukoy sa pinakamataas na awtoridad na namamahala sa kaniyang sinasakupan?
- _____4. Sino ang naglalayong magpanatili ng kapayapaan sa anomang uri, anyo, at paraan?
- _____5. Sino ang nilikha ng Diyos na naiiba sa ibang nilikha Niya dahil sa mataas na antas ng kaisipan, kakayahang magsalita, tumayo sa dalawang paa, at may kaluluwa?



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maghanap ng iyong kapares, maglista ng mga dahilan kung bakit itinuturing na may isang pagkabansa ang Pilipinas.

Bakit Itinuturing na May Isang Pagkabansa ang Pilipinas?



Pag-aararo ng Kabuoan

- Sa aralin, naunawaan natin ang mga elemento ng pagkabansa. Ito ay ang tao, teritoryo, pamahalaan, at soberanya.
- Hindi maituturing na isang bansa ang isang lugar kung alinman sa mga elementong ito ang wala.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin ang klase sa tig-lilimang kasapi. Tumukoy ng isa mula sa apat na elemento ng pagkabansa na sa tingin mo ay pinakanagagamit ng Pilipinas upang buoin ang identidad nito bilang isang bansa. Kumalap ng limang larawan na nagpapakitang mayroon nito sa Pilipinas.

ARALIN 14

Ang Pambansang Pamahalaan



Matututuhan mo sa araling ito ang balangkas o estruktura ng pamahalaan ng Pilipinas. Magbibigyang-diin sa aralin sa konsepto ng *unitary presidential system* at *separation of powers* upang mas maunawaan kung paano ang nagiging pamamalakad sa pamahalaan.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang konsepto ng *unity presidential system* at *separation of powers*.
- ◇ Masuri ang balangkas o estruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.
- ◇ Makagawa ng balangkas o estruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Pangkatin ang klase sa apat hanggang limang kasapi, kayo ay magsusulat ng isang liham para sa pamahalaan ng Pilipinas upang maipahayag ang inyong saloobin sa kanilang kasalukuyang paglilingkod. Maaari kayong magsabi ng inyong pasasalamat, pagkadismaya, mungkahi, o iba pa. Isulat ang inyong liham sa isang malinis na papel.



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang pamahalaan ay isang samahan o organisasyong politikal na itinataguyod ang kaayusan ng lipunan. Ang pambansang pamahalaan ng isang bansa ang nangangasiwa o namamahala na sumasaklaw sa buong teritoryo nito. Ito ay binubuo ng mga pamunuan ng mga taong inihalal ng mamamayan na namamahala sa kapakanan ng bayan. Tinutugunan ng pamahalaan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mamamayan.

Pag-isipan:

Bilang isang mag-aaral, sa paanong paraan ka makatutulong sa ating pamahalaan?

Unitary Presidential System

Ang Pilipinas ay sumasailalim sa *unitary presidential system* o ang istrukturang pampolitika na may isang antas lamang ng awtoridad. Ang pangulo ang siyang gumaganap bilang parehong pinuno ng estado at pinuno ng pamahalaan. Siya ay inihahalal sa pamamagitan ng direktang pagboto ng mga tao at hindi naipapasa ang kapangyarihan ng isang pinuno o opisyal sa isang kamag-anak.

Ang eleksyon ay ang paraan ng bansang may *unitary presidential system* upang pumili ng mga kandidato sa pamamagitan ng pagboto ng mga tao sa lebel ng lalawigan, munisipalidad, lungsod, at barangay. Maaari lamang siyang maglingkod nang isang termino sa loob ng anim na taon.

Ang Palasyo ng Malacañang ay ang opisyal na tirahan ng pangulo ng Pilipinas.



Ang mga naging presidente ng Pilipinas ay ang sumusunod:



Tungkulin ng mga naging presidente na bumuo ng mga programa para sa kapakanan at pangangailangan ng mga tao. Sila rin ang nagsilbi at nagprotekta sa mga mamamayan ng Pilipinas. Dagdag pa ay nagpatupad din sila ng mga batas, programa, at proyekto ng bansa.

Separation of Powers

Binubuo ang tatlong sangay ng pamahalaan ng ehekutibo, lehislatura, at hudikatura na siyang may kaniya-kaniyang kapangyahiran at ginagampanang tungkulin para sa Pilipinas. Bawat sangay ay may alituntunin at batas na pinaiiiral.

Pag-isipan:

Bakit mahalaga ang tatlong sangay ng pamahalaan?

Ehekutibo o tagapagpanganap	Lehislatibo o tagapagbatas	Hudikatura o tagapaghukom
Pangulo Gabinete	Kongreso Senado Mababang kapulungan	Kataas-taasang hukuman (Korte Suprema) Mababang hukuman

Ang sangay ng **ehekutibo** ay binubuo ng pangulo at pangalawang pangulo na inihalal sa pamamagitan ng direktang boto ng mga tao at naglilingkod sa terminong anim na taon. Ang pangulo ay may awtoridad na humirang ng kaniyang gabinete.

Ang sangay ng **lehislatibo** ay awtorisadong gumawa ng mga batas, baguhin, at pawalang-bisa ang mga ito sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob sa Kongreso ng Pilipinas. Ang institusyong ito ay nahahati sa senado at kapulungan ng mga kinatawan.

Ang sangay ng **hudikatura** ang may hawak ng kapangyarihang ayusin ang mga kontrobersya na kinasasangkutan ng mga karapatan na legal na hinihingi at maipapatupad. Ito ay binubuo ng isang Korte Suprema at mga mababang hukuman.

Pinaghihiwalay ng mga kapangyarihan ang tungkulin ng lehislatura na pagsusulat ng batas, pagpapatupad sa ehekutibo, at pag-aayos ng mga legal na kontrobersya sa hudikatura ayon sa nakasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas. Ang mekanismo ng paghihiwalay ng kapangyarihan na ito ay nakatutulong sa bawat sangay ng pamahalaan upang hindi maabuso ang kapangyarihan.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Anong sangay ang awtorisadong gumawa ng mga batas, baguhin, at pawalang-bisa ang mga ito sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob sa Kongreso ng Pilipinas?
 - a. ehekutibo
 - b. lehislatibo
 - c. hudikatura
 - d. mekanismo
- _____2. Anong tawag sa sistemang may isang antas lamang ng awtoridad na sumasailalim ang Pilipinas?
 - a. *unitary presidential system*
 - b. *separation of powers*
 - c. tagapagbatas
 - d. tagapaghukom
- _____3. Sino ang naging unang presidente ng Pilipinas?
 - a. Manuel Roxas
 - b. Ramon Magsaysay
 - c. Emilio Aguinaldo
 - d. Diosdado Macapagal
- _____4. Ilan ang sangay ng pamahalaan na may kani-kaniyang kapangyarihan at ginagampanang tungkulin para sa Pilipinas?
 - a. isa
 - b. dalawa
 - c. tatlo
 - d. apat

- _____ 5. Ano ang pinaghihiwalay ng mga kapangyarihan ayon sa nakasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas?
- a. pagpapatupad ng ehekutibo
 - b. pag-aayos ng mga legal na kontrobersya sa hudikatura
 - c. tungkulin ng lehislatura na pagsusulat ng batas
 - d. lahat ng nabanggit ay tama



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng iyong bisyon para sa tunguhin ng pamahalaan ng Pilipinas. Ipahayag sa pamamagitan ng poster ang mga nais mong landas para rito. Magsulat ng tatlo hanggang limang pangungusap na magpapaliwanag sa iyong nagawang poster. Bakit ito ang iyong naging bisyon para sa tunguhin ng pamahalaan ng Pilipinas.

Ang Aking Bisyon sa Tunguhin ng Pamahalaan ng Pilipinas

Pag-aararo ng Kabuonan

- Mahalaga ang pamahalaan sa isang bansa sapagkat nagsisilbi itong pamunuan para mapanatili ang kaayusan dito.
- Sa Pilipinas, nahahati ito sa tatlo kung saan ang bawat isa ay may sari-sariling tungkulin at gampanin.
- Ang bawat sangay ng pamahalaan ay hinati upang maiwasan at hindi maabuso ang kani-kaniyang kapangyarihan na hawak ng bawat sangay.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Pangkatin sa dalawa ang buong klase. Mag-isip at bumuo ng plano na inyong irerekomenda para sa pamahalaan ng Pilipinas. Isaisip na ito ay para sa ikabubuti ng nakararami at hindi ng iilan lamang. Mula sa nabuong plano ng bawat pangkat, bumuo ng titulo ng proyekto, detalye kung tungkol saan, at ang mga kinakailangang hakbangin upang magawa ito.

Titulo ng Proyekto	Mga Detalye	Kinakailangang Hakbangin

ARALIN 15

Serbisyo ng Pamahalaan sa Pang-edukasyon, Panlipunang Kaligtasan, at Pangkalusugang Aspekto



Matututuhan mo sa araling ito ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas 2022 patungkol sa pang-edukasyon, panlipunang kaligtasan, at pangkalusugan. Matatalakay rin dito ang mga programa ng pamahalaan kaugnay ng nasabing badyet.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas noong 2022.
- ◇ Masuri ang papel ng pamahalaan at mga programang pang-edukasyon, panlipunang kaligtasan, at pangkalusugan.
- ◇ Makapagmungkahi ng mga programa para sa serbisyong panlipunan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Maghanap ng kapares at magsaliksik. Kumalap ng mga impormasyon tungkol sa pambansang badyet ng Pilipinas 2023. Ano ang layunin nito at saan ito nakatuon?



Pagtatanim ng Kaalaman

Ayon sa publikasyon ng **Department of Budget Management** (DBM), ang pambansang badyet ng Pilipinas 2022 ay nakatuon sa pagbangon, paglago, at sustenibilidad. Ito ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa Palasyo ng Malacañang noong Disyembre 30, 2021.

Sa kaniyang talumpati sa ika-18 Congress, isinaad ni dating Pangulong Duterte na ang badyet na ito ay nakatuon sa pagbuo ng katatagan sa gitna ng pandemya, pagpapanatili ng momentum tungo sa pagbawi, at pagpapatuloy ng legasiya sa pagbuo ng mga imprastraktura. Bilang pangkalahatan, para ito sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga henerasyon ng Pilipino sa kasalukuyan at sa hinaharap. Binigyan niya ng pinakamataas na porsyento ang **serbisyong panlipunan**.

Pag-isipan:

Bakit kailangan ang pagtatakda ng mga programa upang paglingkuran ang bansa?

Pag-aralan ang hatian ng badyet ayon sa inilathalang report ng DBM:

38%

Serbisyong Panlipunan

2022: Php 1.932 T

2021: Php 1.668 T

30%

Serbisyong Pang-ekonomiya

2022: Php 1.494 T

2021: Php 1.323 T

17%

Pangkalahatang Serbisyong Publiko

2022: Php 834.7 B

2021: Php 747.8 B

11%**Pangkalahatang Serbisyong Publiko**

2022: Php 541.3 B

2021: Php 560.2 B

4%**Tanggulan**


2022: Php 221.1 B

2021: Php 206.8 B

Edukasyon, Kultura, at Pagpapaunlad ng Manpower

Ang pinakamalaking bahagi ng pambansang badyet ng Pilipinas 2022 ay napunta sa sektor ng edukasyon. Para sa 2022, nakatanggap ang Kagawaran ng Edukasyon ng Php 751.7 bilyon. Ito ay humigit-kumulang 12.58% ng kabuoang pambansang badyet na Php 5.02 trilyon.

Ang badyet na ito ay sumasaklaw sa pagpopondo para sa Department of Education (DepEd), Commission on Higher Education (CHED), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at State Universities and Colleges (SUCs). Ito ay nahahati sa ganito ayon sa inilathala ng Department of Education na:



Sapagkat panahon ng pandemya, sinusuportahan ng badyet na ito ang lahat ng kasalukuyang programa, aktibidad, at proyekto ng edukasyon tulad ng Flexible Learning Options (FLOs), Maintenance and Other Operating

Expenses (MOOE), Government Assistance and Subsidies (GAS), Computerization Program (DCP). Inilalaan din ang badyet na ito para sa pagbabayad ng mga suweldo at benepisyo ng mga empleyado ng paaralan at iba pang gastos sa pagpapatakbo ng paaralan.

Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, sa paanong paraan nakatutulong ang mga programang pang-edukasyon?

Panlipunang Kaligtasan, Kagalingan, at Empleo (*Social Security, Welfare, and Employment*)

Para sa panlipunang kaligtasan at kapakanan ng mga tao, ang mga programa ng pamahalaan ay nakatuon sa proteksyong sosyal. Ayon sa tala ng DBM, PhP 446.5 bilyon ang natanggap ng Social Security, Welfare, and Employment. Halimbawa, ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) ay tatanggap ng PhP 205 bilyon. Ipagpapatuloy dito ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) na pinamumunuan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa mga *indigenous groups*.

Samantala, ang Department of Labor and Employment (DOLE) ay napaglaanan ng PhP 51.3 bilyon upang tugunan ang epekto ng pandemyang COVID-19 sa mga manggagawang Pilipino. Ilan sa halimbawa nito ay ang pagsusulong ng mga mapagkakakitaang oportunidad sa trabaho, pagtulong sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na umuwi dahil sa mga hindi inaasahang pangyayari, at pagpapatatag ng proyekto ng MSME Development Program o ang pagbibigay ng impormasyon, edukasyon, at mga materyales sa mga *micro-enterprise* at komunidad. Layunin nitong matulungan ang bansa na makamit ang layunin nitong bumuo ng mapagkumpetensiya at makabagong mga industriya, lalo na sa maykro, malilit, at malalaking negosyo o MSMEs.

Habang ang bansa ay patuloy na nakakabangon mula sa mga epekto ng pandemya, bahagi rin ng panlipunang kaligtasan ang pagbibigay ng abot-kaya at disentang pabahay na may kuryente at tubig. Ang halimbawang proyekto ng pamahalaan dito ay ang *Comprehensive and Integrated Housing Program*, pabahay ito sa mga nasalanta ng kalamidad, magbigay ng mga pautang sa pabahay, at pangasiwaan ang pagpapatayo ng ligtas na komunidad.

Kalusugan

Binigyang-diin ng pandemya ng COVID-19 ang pangangailangang bumuo ng katatagan laban sa mga krisis sa kalusugan. Kaya para sa 2022, ang inilaan na badyet sa mga serbisyong panlipunan ay para sa mga programa at proyektong nagpapalakas sa *national health care system*, pagpapalawig ng teknolohiya para sa pananaliksik tungkol sa kalusugan, pangangalagang pangkalusugan para sa kagalingan ng lahat, pagbili ng mga gamot, pagdaragdag ng mga hakbangin para sa pag-iwas sa sakit, pagdaragdag ng *manpower*, at pagsisiguro sa trabaho at kita.



Ayon sa tala ng DBM, nakatanggap ang sektor ng PhP 279.5 bilyon na maibabahagi sa Metro Manila at mga lokal na pamahalaan.

Inilalaan din ang badyet na ito para sa mga operasyon ng mga ospital at iba pang pasilidad sa pangkalusugan upang maakses ng mga tao sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Bahagi rin ng badyet ay para sa pagtatayo, pagpapalawak, at pagbili ng mga kagamitan sa ospital. Sa panahon ng pandemya, kinailangan din ito para matiyak ang patuloy na paghahatid ng serbisyong pangkalusugan.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

- _____1. Saan nakatuon ang pambansang badyet ng Pilipinas noong 2022?
 - a. pagbagon
 - b. sustenibilidad
 - c. paglago
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____2. Ayon sa badyet na inilathalang report ng DBM, alin ang may pinakamataas na badyet noong 2022?
 - a. serbisyong panlipunan
 - b. serbisyong pang-ekonomiya
 - c. tanggulan
 - d. pangkalahatang serbisyong publiko
- _____3. Ayon sa badyet na inilathalang report ng DBM, alin ang may pinakamababang badyet noong 2022?
 - a. serbisyong pang-ekonomiya
 - b. serbisyong panlipunan
 - c. tanggulan
 - d. pangkalahatang serbisyong publiko
- _____4. Magkano ang pambansang badyet na napunta sa Kagawaran ng Edukasyon noong 2022?
 - a. 741.8 bilyon
 - b. 751.7 bilyon

c. 851.7 bilyon

d. 861.8 bilyon

_____5. Anong programa, aktibidad, at proyekto ng edukasyon ang sinuportahan ng pambansang badyet noong panahon ng pandemya?

a. Flexible Learning Options (FLOs)

b. Government Assistance and Subsidies (GAS)

c. Computerization Program (DCP)

d. lahat ng nabanggit ay tama



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Humanap ng kapares at magsaliksik ng isang proyektong sa tingin ninyo ay nakatulong ngayon sa inyong komunidad at isang proyektong sa tingin ninyo ay makatutulong sa hinaharap ng inyong komunidad.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Mahalaga ang papel ng pondong nilalaan ng pambansang badyet para sa iba't ibang ahensya sa ating bansa.
- Ito ay nagsisilbing kanilang mga pondo para sa iba't ibang programa at proyekto na nais gawin at ipatupad.
- Sa ganitong pamamaraan natutulungan ang mga Pilipino sa iba't ibang pamamaraan.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Pangkatin sa dalawa ang buong klase. Magmungkahi ng isang programang pang-edukasyon sa pamahalaan na sa inyong palagay ay makatutulong para sa mga Pilipino. Mula rito, magbigay ng pamagat, deskripsyon na may limang pangungusap, at paglalatatag ng mga hakbangin upang makamit o mabuo ang plano.

Pamagat	
Deskripsyon	Mga Hakbang sa Pagbuo ng Plano

ARALIN 16

Serbisyo ng Pamahalaan Para sa Pangkapayapaan at Pang-ekonomiyang Aspekto



Matututuhan mo sa araling ito ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas 2022 patungkol pangkapayapaan at pang-ekonomiyang aspekto. Matatalakay rin dito ang mga programa ng pamahalaan kaugnay ng nasabing badyet.



Layunin

- ✧ Maunawaan ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas noong 2022 para sa pangkapayapaan at pang-ekonomiyang aspekto.
- ✧ Masuri ang papel ng pamahalaan at mga programang pangkapayapaan at pang-ekonomiya.
- ✧ Makapagmungkahi ng mga programa para sa serbisyong pang-ekonomiya.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Maghanap ng kapares. Magsulat ng maikling sanaysay kung paano makatutulong ang mag-aaral na tulad mo, sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa.



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang **serbisyong pang-ekonomiya** ay nakatanggap ng Php 1.494 trilyon o 30% ng pambansang badyet ng Pilipinas 2022. Ito ay gagamiting pondo para sa mga programa at proyektong may kaugnayan sa ekonomiya tulad ng pagtatayo ng mga kalsada at pampublikong pasilidad, at pagpapa-unlad ng mga teknolohiya para sa sektor ng agrikultura at likas na yaman.

Komunikasyon, mga Kalsada, at Iba pang Transportasyon

Ang ibinigay na Php 786 bilyon para sa serbisyong pang-ekonomiya ay inilaan para sa mas mahusay na mga kalsada, transportasyon, at impraestruktura. Naglalayon itong pababain ang gastos ng pagnenegosyo at pag-ugnayin nang mas mabilis ang mas maraming tao sa mas maraming pagkakataon.

Isang halimbawa ng proyekto ng pamahalaan ay ang **“Build, Build, Build Program”**. Ito ay ang sentrong programa ng administrasyong Duterte upang

Pag-isipan:

Maganda ba ang layunin ng Build Build Program? Ipaliwanag kung bakit.

ipasok ang Pilipinas sa “*Golden Age of Infrastructure.*” Layon ng Build, Build, Build Program na pagandahin ang impraestruktura ng bansa at mapakinabangan ng mga mamamayan.

Build, Build, Build Program

2022: Php 1.182.3 B (5.3% of GDP)

2021: Php 1.073.8 B (5.4% of GDP)

Php 485 B : Road Networks

Php 210.0 B : Flood Control Systems

Php 191.8 B : Development Funds of LGUs

Php 72.9 B : Buildings

Php 21.8 B : Irrigation Systems

Php 15.6 B : Hospitals and Health Centers

Php 11.6 B : Railways

Php 11.1 B : School Buildings

Php 8.2 B : Water Supply Systems

Php 5.7 B : Housing and Community Facilities

Php 3.4 B : Power Supply Systems

Php 2.8 B : Right of Way Acquisitions

Php 1.6 B : Reforestation Projects

Ang **Department of Public Works and Highways** (DPWH) ay abala sa pagpapalapad ng mga daan, pagdudugtong ng mga daan, paggawa ng mga bagong daan, pagkonekta ng mga kalsada, at pagpapalit ng mga sira o lumang daan. Kabilang din sa mga gawain nila ang ayusin ang mga kanal nang sa gayon ay maiwasan ang pagbaha sa panahon ng kalamidad.



Binigyan naman ng PhP 75.8 bilyon ang Department of Transportation (DOTr) upang palawigin at bumuo ng ligtas, mahusay, at maginhawang sistema ng pampublikong transportasyon. May mga proyektong nakatutok para sa paggawa ng *rail transport*, *land transport*, *air transport*, at *maritime transport*. Kabilang sa mga proyekto nito ang pagpapatayo ng tren at subway tulad ng “Metro Manila Subway Project”, paglalagay ng mga ligtas na bike lane, pagsasaayos ng mga tulay, paggawa ng mga paliparan tulad ng sa Bukidnon at Catbalogan, at paggawa ng mga pantalan tulad ng sa Sorsogon RoRo terminal.

Agrikultura, Repormang Pansakahan, Likas na Yaman, at Kapaligiran

Ang **Department of Agriculture (DA)** ay napaglaanan ng PhP 71 bilyon upang siguruhin ang daloy at suplay ng pagkain para sa mga mamamayang Pilipino. Kabilang sa mga proyekto at programang meron ang ahensya ay ang “National Rice Program”, “National Livestock Program”, “National Fisheries Program”, “National Corn Program”, “National High Value Crops Development Program”, at “National Organic Agriculture Program”.

Mayroon ding proyekto ang DA na “**Farm-to-Market Roads (FMRs)**” upang pataasin ang produksyon ng mobilidad ng mga magsasaka at mangingsida sa pamamagitan ng mas maayos na koneksyon. Kapag mayroong maayos at sapat na daan, makararating ang mga produkto sa iba’t ibang bahagi ng

bansa. Mahalaga rin ang proyektong “**Rice Competitiveness Enhancement Program**” dahil ineengganyo nitong bigyan ng puhunan ang magsasaka para maipagpatuloy ang pagtatanim.



Pinaglaanan naman ng badyet ng pamahalaan ang sektor ng likas na yaman ng PhP 171.9 bilyon. Ang mga proyekto at programa ng **Department of Environment and Natural Resources** (DENR) ay nakatuon sa pagsasaayos ng wastong pagtatapon ng mga basura, protektahan ang mga *wildlife* at ang natural na tirahan ng mga hayop, at mapabuti ang akses sa ligtas at malinis na tubig.

Para mapangalagaan ang kalikasan, ang mga proyektong napaglaan ng badyet ay ang “National Greening Program” para protektahan ang kagubatan, “Coastal and Marine Ecosystems Management” para sa rehabilitasyon ng baybayin at *biodiversity* ng dagat, “Solid Waste Management” para i-recycle ang mga basura sa pamamagitan ng *waste-to-energy approach*, at “Renewable Energy Development Program” para matukoy ang mga teknolohiyang magagamit o mapagkukuhanan ng enerhiya. Matunog din sa midya ang pagbabalita ng “Manila Bay Rehabilitation”. Ito ay upang mapabuti ang kalidad ng tubig sa Manila Bay.

Pagpapaunlad ng mga Yamang Tubig at Pagkontrol sa Baha

Inilaan ng pamahalaan ang PhP 103.4 bilyong baydet para sa paggawa ng mga istruktura upang protektahan ang mga lugar na madaling bahain. Bahagi nito ang “Flood Management Program” upang umpisahan ang *long-term* na solusyon para gawin ang mga *drainage systems* sa mga lugar na madaling bahain.

Bahagi rin nito ang “National Disaster Risk Reduction and Management Fund” para naman ilaan sa pagpapatibay, muling pagtatayo, at rehabilitasyon ng mga serbisyo, aktibidad, at proyekto bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna. Magagamit ang badyet na ito sa mga panahon at lugar na apektado ng mga sakuna, kalamidad, epidemya, o komplikadong emerhensiya.

Pag-isipan:

Gaano kahalaga na paglaanan ng pambansang badyet ang paggawa ng mga istruktura upang protektahan ang mga lugar na madaling bahain?

Kasama ang pagpapaunlad ng mga yamang tubig at pagkontrol sa baha dahil nakikita ng pamahalaan na ito ay nakaaapekto sa kalagayan ng ekonomiya ng Pilipinas.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin kung tama o mali ang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali.

- _____1. Nakatutulong sa mamamayang Pilipino ang mga proyekto ng pamahalaan sa pang-ekonomiya na natalakay sa aralin.
- _____2. Ang mga kalamidad ay nakaaapekto sa kalagayan ng ekonomiya ng Pilipinas.
- _____3. Ang pambansang badyet ay inilalaan sa mga proyekto para sa ikababagsak ng mamamayan ng bansa.
- _____4. Ang proyektong Farm-to-Market Roads (FMRs) ay makatutulong upang pataasin ang produksyon ng mobilidad ng mga magsasaka at mangingsida.
- _____5. Ang Build Build Build Program ni dating Pangulong Duterte ay maaaring ipagpatuloy ng sumusunod na pangulo.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Maghanap ng dalawang kasama at pumili ng isang programang natalakay sa aralin. Gamitin ang napiling programang ito upang makagawa ng isang tula na may dalawang saknong na nagpapahayag kung paano ito nakatutulong sa ekonomiya ng Pilipinas.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Sa isang bansa tulad ng Pilipinas, ang pambansang badyet ang nagtatakda ng bawat pondong maaring gamitin ng isang ahensya ng pamahalaan para sa kani-kanilang mga proyekto para sa ikabubuti ng mamamayan ng Pilipinas. Lalo na pagdating sa aspektong pang-ekonomiya at pangkapayapaan.
- Ang mga programa at proyektong ipinatupad ng pamahalaan ay lubhang nakatulong upang mas mapagaan ang buhay ng mga Pilipino.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa lima ang buong klase. Tanungin ang mga tao sa inyong komunidad, kung ano ang maaari pang gawin ng pamahalaan upang mapaunlad ang ekonomiya ng ating bansa. Maglista ng lima at ilagay rin ang ilalaang badyet para sa mukhang proyekto.

Mga Maaari pang Gawin ng Pamahalaan Upang Mapaunlad ang Ekonomiya ng Bansa	Ilalaan na Badyet
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

ARALIN 17

Serbisyo ng Pamahalaan Para sa mga Programang Pang-impraestruktura



Matututuhan mo sa araling ito ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas noong 2022 patungkol sa mga programang pang-impraestruktura. Magbibigay-pokus ito kung paano nakatutulong ang mga kasalukuyang proyekto at programa ng pamahalaan para sa mga mamamayan.



Layunin


- ◇ Maunawaan ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas noong 2022 para sa pang-impraestrukturang aspekto.
- ◇ Masuri ang papel ng pamahalaan at mga programang pang-impraestruktura.
- ◇ Mabigyang-halaga ang mga pang-impraestrukturang proyekto at programa ng pamahalaan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Tingnan ang inyong paaralan. Mag-isip ng isang mungkahi para sa pamahalaan ng nais ninyong ipatayo rito. Maaaring isang gusali para sa mga aktibidad ng paaralan, palaruan, kantina, opisina para sa inyong mga guro, o lugar na maaaring paghintayan ng inyong mga sundero.

Mungkahi Para sa Pamahalaan



Pagtatanim ng Kaalaman

Bahagi ng serbisyo ng pamahalaan ang paglaanan sa serbisyon pang-impraestrukturang mga programa para sa bansa. Sa Pambansang Badyet ng Pilipinas 2022, PhP 1.494 trilyon ang inilaan dito upang bigyang-pokus ang pagpapaunlad ng mga estrukturang tulad ng tulay, kalye, paaralan, at iba pang mga kauri nito na nakatutulong sa pagpapaunlad ng pamayanan.

Pag-isipan:

Bakit mahalaga ang mga proyektong pang-impraestruktura?

Nauna nang tinalakay sa nakaraang aralin ang mga proyekto at programa para sa komunikasyon, mga kalsada, at iba pang transportasyon. Sa araling ito ay madadagdagan pa ang ating kaalaman sa ilang pang halimbawa ng impraestruktura na fokus ng Pambansang Badyet ng Pilipinas 2022.

Halimbawa ay ang **pabahay**. Ang paglaki ng populasyon ay palaging nagpapataas ng pangangailangan para sa abot-kayang bahay. Determinado ang pamahalaan na makatulong upang magkaroon ng bahay ang bawat pamilyang Pilipino. Upang suportahan ito, pinaglaanan ng badyet ang National Housing Authority ng PhP 5.2 bilyon para pinansiyahan ang

pagpapatupad ng Comprehensive at Integrated Housing Program. Kabilang dito ang *"Emergency Housing Assistance Program"* at *"Housing Assistance Program for Calamity Victims"*.



Pag-isipan:

Malaki ba ang tulong na nagagawa ng pabahay sa mga mamamayang Pilipino, lalo na sa mahihirap? Ipaliwanag kung bakit.

Isang proyekto para sa pabahay ay ang *"National Home Mortgage and Finance Corporation"*. Ito naman ay kaakibat ng *"Socialized Housing Loan Take-Out of Receivables Program"* na tumutugon sa pangangailangan sa pabahay ng mga pamilyang may mababang kita.

Bahagi ng pabahay ay ang mga proyektong nagsisiguro ng pangangailangan ng mga pamilya sa araw-araw tulad ng tubig at kuryente. Ang pamahalaan ay naglaan ng PhP1.6 bilyon para sa *"Sitio Electrification Project"*. Layunin nitong magkaroon ng kuryente ang mga bahay sa liblib na bahagi ng mga sityo. Isa pang halimbawa ay ang proyektong *"Total Electrification Project"* na may PhP 500 milyon. Ito naman ay para magbigay elektrisidad sa 10,000 na kabahayan sa buong Pilipinas.



Para naman magkaroon ng tubig, ang “*Water Supply and Sanitation Program*” ang magsisiguro para sa kalinisan ng iinumang tubig ng mga tao. Ito ay nagpapatakbo ng kalinisan ng daloy ng tubig sa mga kabahayan.

Para naman mapalago ang industriya sa iba’t ibang sektor, ang Pambansang Badyet ng Pilipinas 2022 ay naglaan para sa panglokal at pang-internasyonal na kalakalan. Halimbawa, binigyan ng PhP 17.1 bilyon ang pagpapagawa ng iba’t ibang impraestruktura para sa mga *tourist destination*. Mayroon ditong paliparan, pantalan, at riles na magkokoneta sa mga lalawigan sa Pilipinas. Makatutulong ito nang sa gayon ay bumilis ang mobilidad ng mga tao.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Magsulat ng limang impraestruktura na kailangang gawing proyekto ng pamahalaan para sa inyong komunidad.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Gumawa ng isang *collage* ng mga nagawa na o proyektong pang-impraestruktura ng gobyerno na sa iyong palagay ay nakatulong para sa mga mamamayang Pilipino.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Malaki ang naging tulong ng mga proyektong impraestruktura ng pamahalaan sa ating mga mamamayang Pilipino.
- Ang mga proyektong pabahay, pakuryente, patubig, at mga proyektong nakatutulong sa ating turismo ay malaking salik upang mapabuti ang estado hindi lamang ng lipunan kung hindi pati narin ang mga nakatira rito.
- Mahalaga ang mga ito sapagkat napapabuti at napapaginhawa ng mga ito ang buhay ng mga mamamayang Pilipino sa kanilang pang-araw-araw na gawain.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa apat ang buong klase. Gumawa ng isang panayam sa inyong komunidad at magbigay ng impraestrukturang sa iyong palagay ay kailangang gawing proyekto ng pamahalaan para sa inyong barangay. Ilagay rin ang ilalaang badyet para sa mungkahing proyekto.

Mga Impraestruktura	Ilalaan na Badyet

ARALIN 18

Serbisyo ng Pamahalaan sa Iba't Ibang Programa



Matututuhan mo sa araling ito ang tungkol sa iba't ibang programa at proyekto ng pamahalaan. Tatalakayin nito ang kaayusang publiko at kaligtasan, pangkalahatang administrasyon, at iba pang may kaugnayan dito.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang mga nilalaman ng pambansang badyet ng Pilipinas noong 2022 para sa iba't ibang programa.
- ◇ Mapahalagahan ang iba't ibang programa ng pamahalaan.
- ◇ Makapagmungkahi ng mga programa sa pamahalaan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Isa-isang magbigay ng saloobin o opinyon kung ano sa tingin ninyo ang kahalagahan ng pambansang badyet para sa mamamayang Pilipino.



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang pagkalahatang serbisyong publiko (*general services*) ng pamahalaan ay napaglaanan ng PhP 834.7 bilyon o 17% ng kabuoang badyet para sa 2022. Sakop ng badyet na ito ang iba't ibang programa para sa pangkalahatang mga aktibidad ng pamahalaan, tulad ng mga tungkulin sa piskal, elektoral, at serbisyong sibil. Ang mga programa at proyektong ito ay nagtataguyod ng kaayusan at kaligtasan ng publiko.

Kaayusang Publiko at Kaligtasan

Ang pagtuon sa kaayusan at kaligtasan ng publiko ay pagtiyak din sa kaligtasan ng mga Pilipino. Bahagi ng mandato ng pamahalaan ng Pilipinas na ito ay tugunan, palakasin, at panatilihin. Kaya naman sa Pambansang Badyet ng Pilipinas 2022, PhP 251.3 bilyon ang inilaan sa Department of the Interior and Local Government para matiyak na ito ay natutugunan. Dagdag pa ay napaglaanan din ng PhP 220.9 bilyon ang Department of National Defense na siya namang nangangalaga at abala sa pagtatanggol ng teritoryo at soberanya ng Pilipinas.

Pag-isipan:

Bakit mahalaga ang kaayusan at kaligtasan ng mga Pilipino?

Ang **Philippine National Police** ay nakakuha ng PhP191.0 bilyon para sa pagsasagawa ng mga operasyon, mga aktibidad sa *intelligence* at *counterintelligence*, at iba pang aktibidad laban sa krimen. Ito rin ay para sa pagpapatayo ng mga istasyon ng pulis na tutulong sa mga mamamayan.

Ang **Bureau of Fire Protection** naman ay may PhP 27.2 bilyon upang pangalagaan ang mga komunidad mula sa mapanirang sunog. Magagamit din nila ito upang magsagawa ng mga aktibidad na magbibigay-alam sa mga tao tungkol sa pag-iwas at pagsugpo sa sunog.

Dahil tumataas din ang bilang ng droga sa bansa, ang PhP 2.5 bilyon ay inilaan din dito para sa "Philippine Anti-Illegal Drugs Strategy". Layunin ng proyektong

ito na pondohan ang iba't ibang programa at operasyon laban sa ilegal na droga. Kasama rin dito ang pagkontrol sa mga taong dumedepende rito para mailagay sa rehabilitasyon.

Tingnan ang inilaan para sa pagprotektahan at pagtataguyod ng teritoryo at soberanya ng Pilipinas mula sa eskternal na panganib. Malaking tulong ito sa pangangailangan ng Philippine Army, Philippine Air Force, at Philippine Navy na magsagawa ng mga programa o bumili ng kinakailangang kagamitan para magawa ang kanilang mandato na protektahan at ipagtanggol ang Pilipinas.

UPHOLDING THE COUNTRY'S SOVEREIGNTY AND SECURITY

Php 214.0 B

Armed Forces of the Philippines (AFP)

To Strengthen and develop the military forces in order to safeguard and protect the country from internal and external security threats.

Php 103.1 B : Philippine Army

Php 35.9 B : Philippine Air Forces

Php 33.0 B : Philippine Navy

Php 29.1 B : Revised AFP
Modernization Programs

Pangkalahatang Administrasyon

Ang pangangailangan para sa mabuting pamamahala at mahusay na paghahatid ng serbisyo sa publiko ay kailangan upang mapanatili ang kaayusan sa bansa. Nilaan ang mga lokal na pamahalaan nang sa gayon

ay mapabilis ang *digitalization* ng mga serbisyo ng gobyerno, mapahusay ang pagiging patas at katarungan ng sistema ng hustisya, at mapaigting ang pagpapatupad ng iba't ibang programa laban sa katiwalian.

Halimbawa, ang programang **“Philippine Identification System”** ay sinimulan upang mapabilis ang proseso ng pagpaparehistro at paghahatid ng mga pambansang ID card. Nariyan din ang “Anti-Red Tape Authority” na nakatutulong naman sa programa, aktibidad, at proyektong nagtataguyod ng integridad at pananagutan, at maiwasan ang *graft* at katiwalian sa gobyerno. Bahagi ng programang ito ay ang “Ease of Doing Business at Efficient Delivery of Government Services Program” upang magkaroon nang maayos at mabilis na transaksyon sa pamahalaan.

Para sa mga lokal na pamahalaan, naglalaan ng badyet para sa “Pension and Gratuity Fund” o ang pensyon ng mga lingkod-bayan, *terminal leave benefits, separation pay, at monetized leave credits*, at iba pa. Mayroon ding “Miscellaneous Personnel Benefits Fund” para tugunan naman ang para sa paglikha ng mga bagong posisyon, pagpuno sa mga awtorisadong posisyon, at iba't ibang benepisyo ng mga tauhan ng pamahalaan.

Iba pang Programa



Kabilang sa programang pinaglaanan ng pamahalaan ay ang agham at teknolohiya o Science and Technology. Bisyon din ng pamahalaan na palaguin ito upang maisulong ang ekonomiya ng Pilipinas. Ang *Department of Science and Technology* (DOST) at *Department of Information and Communications Technology* (DICT) ang nangangasiwa sa kalakhan ng pagpapaunlad sa agham at teknolohiya.

Pag-isipan:

Sa paanong paraan nakatutulong ang teknolohiya sa pagpapaunlad ng agham?

Mayroong badyet para sa “Balik Scientist Program” upang himukin ang mga Pilipinong siyentipiko na naninirahan sa ibang bansa na bumalik at gamitin ang kanilang kadalubhasaan para sa pagpapaunlad ng iba't ibang industriya sa bansa. Mayroon ding *scholarship programs* para sa mga mag-aaral na may kagalingan at hilig sa pananaliksik sa agham at teknolohiya.

Mayroon ding “Agricultural, Aquatic, and Natural Resources (AANR) Research and Development (R&D)” para sa mga siyentista na nagsasagawa na ng mga pananaliksik para sa ikauunlad ng research sa Pilipinas.



Para naman sa pangangasiwa ang digital na aspekto, may programa ang pamahalaan na *Free Wi-Fi Internet Access* sa mga pampublikong lugar. Layunin nitong matanggal ang dibisyon sa pagitan ng mga walang akses sa data. Ilan sa mga halimbawang proyekto ay ang “National Government Data Center Infrastructure” at “National Broadband Plan” na parehong naglalayon na magbigay-serbisyo sa publiko.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat ang **tama** kung sumasang-ayon ka sa bawat pahayag at **mali** kung hindi ka sumasang-ayon.

- _____1. Mahalaga ang badyet para sa “Balik Scientist Program” upang himukin ang mga Pilipinong siyentipiko na naninirahan sa ibang bansa na bumalik at gamitin ang kanilang kadalubhasaan para sa pagpapaunlad ng iba’t ibang industriya sa bansa.
- _____2. Ang mga proyekto ng pamahalaan tulad ng *scholarship* para agham at teknolohiya ay makatutulong sa mga mag-aaral na paghusayan pa ang kanilang kaalaman dito.

- _____3. Hindi mahalaga ang pangkalahatang aktibidad ng pamahalaan na malaking tulong sa mga mamayang Pilipino.
- _____4. Ang seguridad ng soberanya at teritoryo ng Pilipinas ay kailangan proteksyonan mula sa mga eksternal na panganib.
- _____5. Ang “Pension and Gratuity Fund” ay lubos na nakatutulong para sa manggagawang nagbigay ng kanilang serbisyo para sa ating bansa.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Kapanayamin ang iyong mga magulang o sinomang nakatatanda sa inyong pamilya tungkol sa “**Pension and Gratuity Fund**”. Humingi ng mungkahi mula sa kanila, tanungin kung ano ang nais nilang maisama rito kung sakaling muli itong pondohan ng pamahalaan sa susunod na taon. Manghingi rin ng kanilang ekspektasyon tungkol sa kanilang inaasahan kapag sila ay tatanggap na ng pensyon.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang pangkalahatang aktibidad ng pamahalaan ay malaking tulong sa mga mamayang Pilipino.
- Kasama ng mga proyekto at programang inilulunsad ng pamahalaan ay ang badyet na ipinagkakaloob upang mapatupad ang mga ito.
- Kasama ng iba’t ibang sektor sa pamahalaan at sa tulong ng inilalaang badyet sa iba’t ibang sangay at sektor sa lipunan nasisiguro ang mas malawak na tulong sa mga mamayang Pilipino.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa apat ang buong klase. Ang bawat pangkat ay maglilista ng tig-lilimang bentahe at disbentahe ng iba't ibang programa at proyektong tinalakay sa aralin.

Proyekto	Bentahe	Disbentahe
1.	1. 2. 3. 4. 5.	1. 2. 3. 4. 5.
2.	1. 2. 3. 4. 5.	1. 2. 3. 4. 5.
3.	1. 2. 3. 4. 5.	1. 2. 3. 4. 5.

KABANATA 4

PAGKAKAKILANLAN AT PAGKAMAMAMAYANG PILIPINO

Matututuhan at mauunawaan sa kabanatang ito ang mga sagisag ng pagka-Pilipino. Pagkatapos ng mga aralin, mapahahalagahan ang tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko. Kayo rin ay makagagawa ng mga gawaing kilala at susulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino.



ARALIN 19

Mga Sagisag ng Pagkakakilanlang Pilipino



Matututuhan mo sa araling ito ang mga sagsag na magpapakilala sa Pilipino. Matatalakay rito kung paano kumakatawan ang mga simbolong ito upang makaambag sa identidad ng mga Pilipino.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang kahulugan ng sagsag.
- ◇ Maipaliwanag ang mga sagsag ng pagkakakilanlang Pilipino.
- ◇ Mapahalagahan ang mga sagsag ng pagkakakilanlang Pilipino.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Maghanap ng isang larawan na sumasagsag sa pagkakakilanlang Pilipino. Ibahagi ito sa klase.




Pagtatanim ng Kaalaman

Pag-isipan:

Mainam ba ang pagtatakda ng mga simbolo nang sa gayon ay madaling makilala ang isang tao o grupo? Bakit?

Ayon sa diksyonaryo ng Komisyon ng Wikang Filipino o KWF, ang kahulugan ng salitang **sagsag** ay larawan, sangkap, o anomang kumakatawan sa diwa at kahulugan ng isang bagay o pangyayari. Ito ay kasingkahulugan ng simbolo o ang palatandaan para makilala ang isang bagay o pangyayari.

Mga Sagisag ng Pagkakakilanlang Pilipino



Ang **pambansang watawat** ng Pilipinas ay simbolo sa identidad nito. Ang **puting tatsulok** ay kumakatawan sa pagkakapantay-pantay; ang **asul** naman na guhit ay kumakatawan sa kapayapaan, katotohanan, at katarungan; at ang **pulang** kulay ay kumakatawan sa pagkamakabayan at kagitingan. Mayroon itong **walong sinag ng araw** na sumisimbolo sa unang walong lalawigan sa Pilipinas na nag-alsa laban sa kolonisasyon ng mga Espanyol.

Ikalawa ay ang **pambansang awit na Lupang Hinirang**. Kinilala ni Gen. Emilio Aguinaldo ang pangangailangan ng mga pambansang simbolo upang pagsama-samahin ang bansa laban sa kaaway. Noong Hunyo 5, 1898, inatasan niya si Julian Felipe, isang piyanista at kompositor ng Cavite, na gumawa ng isang martsa para sa mga rebolusyonista.

Ikatlo ay ang **wikang Filipino**. Ito ang pambansang wika sa Pilipinas alinsunod sa 1987 Konstitusyon. Katutubong wika ito na ginagamit sa buong Pilipinas bilang wika ng komunikasyon. Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino, dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga hindi katutubong wika. Nagkakaroon ito ng iba't ibang varayti ng wika para sa iba't-ibang sitwasyon.

Mayroon ding mga pambansang bagay na sumisimbolo sa Pilipinas tulad ng hayop na kalabaw at bangus, prutas na mangga, halaman na anahaw, bulaklak na sampaguita, puno ng narra, tsinelas na bakya, damit na barong tagalog at baro at saya, larong luksong-tinik, sayaw na tinikling, at bahay-kubo. Halimbawa, ang damit na barong tagalog at baro at saya ay sa Pilipinas lamang makikita. Ginagamit ito sa mga pormal na okasyong dinadaluhan ng

mga Pilipino tulad ng kasal o *graduation*. Ang baro't saya ay para sa babae, ang barong tagalog naman ang para sa lalaki. Mayroon itong iba't ibang disenyo na ginagawa sa magkakaibang lalawigan sa Pilipinas.



Isa ring pagkakakilanlan ang pampublikong transportasyon na dyip. Nasasakay nito ang humigit kumulang labingwalong (18) pasahero papunta sa magkakaibang ruta. Iba-iba rin ang disenyo nito na nagbibigay ng pagkakakilanlan sa mga dyip. Kaiba rito ang kalesa na hinihila naman ng kabayo at pinatatakbo ng kutsero. Patok ito noong ika-18 na siklo dahil pamamaraan ito ng transportasyon ng mga mamamayan noon. Ngayon ay mayroon pa nito ngunit ginagamit na lamang karamihan para sa mga bumibisita ng turista sa bansa.

Bukod sa mga pambansang simbolo ng Pilipinas, kilala rin ito sa mga literaturang tumatatak na sa paglipas ng panahon. Halimbawa ang mga kuwento ni Lola Basyang at Juan Tamad. Kapag narinig ang mga karakter na ito ay mababalikan ang mga kaugalian, kultura, at paniniwalaang kaakibat nito.

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, ang pagkakakilanlang Pilipino ba ay mas mauunawaan kung nalalaman natin ang kultura ng Pilipinas? Bakit?

Bilang kabuoan, ang pagkakakilanlang Pilipino ay maiuugnay sa tradisyon, paniniwala, at kulturang pinaiiral ng mamamayang Pilipino. Umiikot at humuhugot sa mga ito ang pagkakakilanlan ng mga tao at bansa.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

- _____1. Ano ang kahulugan ng salitang sagisag?
- a. larawan
 - b. diwa
 - c. sangkap
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____2. Ano ang sinisimbolo ng asul na kulay sa pambansang watawat ng Pilipinas?
- a. kapayapaan, katotohanan, at katarungan
 - b. pagkamakabayan at kagitingan
 - c. pagkakapantay-pantay
 - d. walong lalawigan sa Pilipinas
- _____3. Kailan inatasan ni Gen. Emilio Aguinaldo si Juan Felipe na gumawa ng isang martsa para sa mga rebolusyonista?
- a. Enero 6, 1899
 - b. Marso 6, 1898
 - c. Hunyo 5, 1898
 - d. Hulyo 5, 1899
- _____4. Ano ang kilalang pampublikong transportasyon sa Pilipinas?
- a. eroplano
 - b. dyip
 - c. barko
 - d. bisikleta

_____ 5. Ano ang pambansang wika sa Pilipinas na alinsunod sa 1987 Konstitusyon?

a. Filipino

c. Bicolano

b. Kapampangan

d. Ilocano



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Gumuhit ng isang sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino para sa iyo. Mula sa naiguhit, magsulat ng maikling paliwanag na hindi lalagpas sa limang pangungusap kung bakit ito ang sagisag ng pagkakakilanlang Pilipino para sa iyo.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang mga simbolong ito ay sumasagisag sa ating bansa na nakapag-aambag upang ito ay mas makilala sa mundo.
- Ito rin ay nagsisilbing pagkakakilanlang Pilipino ng mga mamamayan.
- Ang mga sagisag na ito ay dapat pangalagaan at bigyang-kahalagahan dahil sinisimbolo nila ang pagiging Pilipino.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Humanap ng kapares. Sa pamamagitan ng isang tula na may dalawang saknong ay ipakilala ang isang sagisag na sa inyong palagay ay pinaka-nagpapakilala sa mga Pilipino. Isaisip na ito ay para sa mga dayuhang kaunti lamang ang kaalaman tungkol sa ating identidad.

ARALIN 20

Pagkamamamayan

Matututuhan mo sa araling ito ang kahulugan ng pagkamamamayan. Tatalakayin dito ang konsepto at mga umiiral na prinsipyo ng pagkamamamayan bilang isang Pilipino. Makagagawa sa huling bahagi ng aralin ng sariling pagpapakahulugan sa pagkamamamayan ng Pilipinas.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang kahulugan ng pagkamamamayan.
- ◇ Matukoy ang konsepto at prinsipyo ng pagkamamamayan.
- ◇ Makagawa ng sariling pagpapakahulugan sa pagkamamamayan ng Pilipinas.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Iguhit ang iyong sarili at kung ano ang nagpapakita ng iyong simbolo bilang isang mamamayang Pilipino.



Pagtatanim ng Kaalaman

Ayon sa diksyonaryo ng Komisyon ng Wikang Filipino, ang **mamamayan** ay ang mga taong nakatira at nanumpa ng katapatan sa isang bansa. Ang ibig sabihin naman ng **pagkamamamayan** ay ang kalagayan ng isang mamamayan, kasama ang mga karapatan at tungkuling nahihinggil dito. Ito rin ay ang pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa.

Pag-isipan:

Mayroon bang tungkulin na dapat gampanan ng bawat Pilipinong nakatira sa bansa?



Ang **saligang batas** o **konstitusyon** ay mga batayang prinsipyo na gumagabay sa pamamahala ng isang bansa, estado, o organisasyon. Para sa Pilipinas, ang ipinatutupad at sinusunod magpahanggang ngayon ay ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987).

Mga Paraan ng Pagkamit ng Pagkamamamayan

Batay sa inilathala sa opisyal na website ng *official gazette*, may maituturing na mamamayan ng Pilipinas sa **likas na paraan**. Ito ay kapag ang ama o ina ay mga mamamayan ng Pilipinas. Ibig sabihin ay tumatanggap ng pagkamamamayan ng Pilipinas ang sinomang taong ipinanganak sa kahit isang magulang man lang na mamamayan ng Pilipinas sa pagsilang. Tinatawag din itong katutubong mamamayan.

Ganoon din ang mga isinilang bago sumapit ang Enero 17, 1973 o ang araw na ipinagtibay ang nasabing konstitusyon. Itinuturing at kinikilalang mamamayan ng Pilipinas ang mga tao na ang mga ina ay Filipino at ang mga naging mamamayan ayon sa batas.



Dalawang Prinsipyo ng Pagkamamamayang Pilipino:

- **Jus Sanguinis** – ang pagkamamamayan na naayon sa dugo o ang pagkamamamayan ng mga magulang.
- **Jus Soli** – ang pagkamamamayan ayon sa lugar ng kapanganakan anoman ang pagkamamamayan ng mga magulang.

Pag-isipan:

Mahalaga bang matukoy kung saan sa dalawang prinsipyo ng pagkamamamayang Pilipino ka nabibilang? Bakit?

Ang **naturalisasyon** ay proseso at tungkulin upang maging mamamayan ng bansa ang isang dayuhan. Ito ay legal na pagbibigay ng pamahalaan sa isang banyaga ng mga karapatan at pribilehiyo ng isang tunay na mamamayang Pilipino. Halimbawa, hindi basta-basta maituturing na mamamayan ng Pilipinas ang dayuhang nanirahan dito. Kailangan ay may pagbasehan pa ito at dumaan sa ebalwasyon ng hukuman. Isa pang halimbawa, sa mga pagkakataong tumanda naman at mag-asawa ng kapwa Pilipino o ng dayuhan ang isang Pilipino, ang pagkamamamayan sa Pilipinas ay mananatili.

Ating tandaan na ang pagkamamamayang Pilipino ay maaaring mawala sa paraang itinakda ng batas, kusang-loob man ito o sapilitan. Ngunit maaari rin itong muling matamo ayon pa rin sa itinakda ng batas. Kaya naman,

mabuti at importanteng pahalagahan ang pagiging isang mamamayan ng bansa. Maayos na sumunod sa mga tungkulin ng pagkamamamayan.

Ang pangunahing tungkulin ng pamahalaan ay paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan. Bilang mamamayan ng Pilipinas, bahagi rin ng tungkulin nito na paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan. Nakasaad ito sa konstitusyon na nagpapahayag na sa mga oras ng emerhensiya ay maaaring tawagin ng pamahalaan ang mga mamamayan nito upang ipagtanggol ang estado at soberanya ng bansa. Ibig sabihin, ang pagkamamamayan ng Pilipinas ay hindi lamang naayon sa kapanganakan, dugo, o kasal. Bahagi ng pagkamamamayan ng mga Pilipino ang maatasang maghandog ng personal na serbisyo militar o sibil, sa ilalim ng mga kondisyong itinatakda ng batas. Ang sitwasyon ito ay para sa ikabubuti ng Pilipinas at ng kapwa Pilipino.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

- _____1. Ano ang kahulugan ng saligang batas o konstitusyon?
 - a. mamamayan ng Pilipinas
 - b. mga batayang prinsipyo na gumagabay sa pamamahala ng isang bansa, estado, o organisasyon
 - c. pagkamamamayan na naayon sa dugo
 - d. lahat ng nabanggit ay tama
- _____2. Paano maituturing na mamamayan ng Pilipinas ang isang tao batay sa likas na paraan?
 - a. kapag ang ama o ina ay mga mamamayan ng Pilipinas
 - b. kapag ang pinsan ay mamamayan ng Pilipinas

- c. kapag ang tito at tita ay nasa ibang bansa
- d. kapag ang lolo at lola ay may ibang lahi

_____3. Ano ang kahulugan sa prinsipyo ng pagkamamamayang Pilipino bilang *Jus Soli*?

- a. ang pagkamamamayan na naaayon sa dugo o ang pagkamamamayan ng mga magulang
- b. ang pagkamamamayan ayon sa dugo ng magulang at lugar ng kapanganakan
- c. ang pagkamamamayan ayon sa lugar ng kapanganakan anoman ang pagkamamamayan ng mga magulang
- d. lahat ng nabanggit ay tama

_____4. Ano naman ang kahulugan sa prinsipyo ng pagkamamamayang Pilipino bilang *Jus Sanguinis*?

- a. ang pagkamamamayan na naaayon sa dugo o ang pagkamamamayan ng mga magulang
- b. ang pagkamamamayan ayon sa dugo ng magulang at lugar ng kapanganakan
- c. ang pagkamamamayan ayon sa lugar ng kapanganakan anoman ang pagkamamamayan ng mga magulang
- d. lahat ng nabanggit ay tama

_____5. Ano ang tawag sa proseso at tungkulin upang maging mamamayan ng bansa ang isang dayuhan?

- | | |
|--------------|-------------------|
| a. papeles | c. serbisyo |
| b. soberanya | d. naturalisasyon |



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin sa dalawa ang buong klase, bigyang-kahulugan ang pagkamamamayan sa pamamagitan ng paggawa ng **profile** ng isang tauhan na inyong pipiliin. Ilista ang mga impormasyon tulad ng pangalan, edad, araw ng kapanganakan, mga magulang, lahi, lugar ng kapanganakan, mga kamag-anak, at iba pang detalyeng magpapakilala sa kaniya. Maghandang ibahagi ito sa klase.

Pangalan ng Tauhan:	
Edad:	
Araw ng Kapanganakan:	
Mga Magulang:	
Lahi:	
Lugar ng Kapanganakan:	
Mga Kamag-anak:	
Iba pang Detalye:	



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang pagkamamamayan ay mahalaga sa pagtira sa isang lugar o bansa, gaya ng Pilipinas. Kung saan ito ay marapat na protektahan at pangalagaan.
- Kaakibat ng pagkamamamayang ito ay ang tungkulin na dapat gampanan ng bawat Pilipinong nakatira sa bansa, pinanganak man ito sa bansa o naturalisado.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Humanap ng iyong kapares, bigyang-kahulugan ang pagkakaiba ng *Jus Sanguinis* at *Jus Soli*. Magbigay ng tig-dalawang tauhan dito.

Dalawang Prinsipyo ng Pagkamamayang	Mga Pagkakaiba	Mga Halimbawang Tauhan
1. <i>Jus Sanguinis</i>		
2. <i>Jus Soli</i>		

ARALIN 21

Karapatan ng Mamamayang Pilipino



Matututuhan mo sa araling ito ang mga impormasyon tungkol sa karapatan ng isang mamamayan. lisa-isahin dito ang nakasaad sa konstitusyon ng ng Republika ng Pilipinas (1987) para mas maipaliwanag ang kung ano ang karapatan.



Layunin

- ◇ Maunawaan ang kahulugan ng karapatan.
- ◇ Matalakay ang mga karapatan ng isang mamamayan.
- ◇ Maipahayag ang saloobin tungkol sa karapatang natatamasa ng isang mamamayang Pilipino.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Magtulungan ang klase upang bigyang-kahulugan ang salitang “karapatan”. Isa-isahin ang unang letra nito.

K

A

R

A

P

A

T

A

N



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang karapatan ay anomang dapat tamasahin ng isang tao. Ito ay nakalahad sa konstitusyon upang mas malinaw na malaman ang detalye kaugnay ng lawak at sakop ng karapatan. Bilang isang mamamayang Pilipino, may dalawang uri ng karapatan—**karapatang sibil** at **karapatang politikal**.

Karapatang Sibil

Ang karapatang sibil ay may kaugnayan sa pribadong karapatan ng isa o mga mamamayan. Halimbawa, hindi dapat alisan ng buhay, kalayaan, o ari-arian ang sinomang mamamayan nang hindi sa kaparaanan ng batas. Hindi dapat pagkaitan ang sinomang mamamayan ng pantay na pangangalaga ng batas. Karapatan din na magbago ng tirahan o maglakbay sa labas ng bansa nang walang pag-aalinlangan.

Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, ano ang naitutulong sayo ng karapatang sibil?

Dapat magkaroon ang mga mamamayan ng kapanatagan sa kanilang sarili, pamamahay, at mga bagay-bagay. Gayon din ang kalayaan sa pananalita o pagpapahayag sa karapatan ng mga taong-bayan ng mapayapang magkatipon at magpetisyon sa pamahalaan upang ilahad ang kanilang mga kataingan. Kaakibat



nito ang magtatag ng mga asosasyon, mga unyon, o mga kapisanan sa mga layuning hindi labag sa batas. Hindi rin dapat detenahin o pansamantalang pagkakulong ang sinoman dahil lamang sa kaniyang mga paniniwala at hangaring pampolitika.

Karapatang sibil din ang pagtatatag ng relihiyon o nagbabawal sa malayang pagsasagamit ng relihiyon. Ang bawat mamamayan ay dapat na nagtatamasa ng sariling paghahayag ng relihiyon o pagsamba sa pinaniniwalaang Diyos.

Karapatan ding malaman ng mamamayan ang kaalaman sa mga opisyal na rekord, mga dokumento, at papeles tungkol sa mga opisyal na gawain, transaksyon, o pasya, at mga datos sa pananaliksik ng pamahalaan. Mayroon ito nang sa gayon ay *transparent* ang pinaglalaanan ng buwis ng mamamayan.



Sa legal na aspekto, hindi dapat ipagkait sa sinomang tao ang malayang pagdulog sa mga hukuman. Ang lahat ng tao ay dapat mapyansahan o maaaring palayain hangga't walang isang utos na inilabas ang korte. Karapatan din ang dapat ituring na walang sala hangga't hindi napapatunayan ang naiiba.

Dagdag pa, hindi dapat pilitin ang isang tao na tumestigo laban sa kaniyang sarili. Dapat lapatan ng kaukulang batas ang pagpapahirap na pisikal, sikolohikal, o imbing pagpaparusa sa sino mang bilanggo o detenido. Kaugnay nito, hindi dapat ibilanggo ang isang tao nang dahil sa pagkakautang o hindi pagbabayad ng sedula.

Karapatang Politik

Ang karapatan sa halal ay maaaring gampanan ng lahat ng mga mamamayan ng Pilipinas. Para mapraktis ito, ang mamamayan ay dapat labingwalong (18) taong gulang man lamang at nanirahan na sa Pilipinas sa loob ng isang taon man lamang. Siya dapat ay anim na buwan man lamang sa lugar na kanilang bobotohan bago maghalalan.

Pag-isipan:

Mahalaga ba ang karapatang politikal sa mamamayang Pilipino? Bakit?



May karapatan din ang mamamayang Pilipino na gumanap ng tungkuling publiko. Ito ay dapat dumaan sa legal na proseso. Marapat din na siya ay kwalipikado para sa mga pamantayan upang mapabilang sa mga maihahalal.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat ang **tama** kung sumasang-ayon ka sa pahayag at **mali** kung hindi.

- _____1. Sapat na ang mga karapatan ng isang mamamayang Pilipino.
- _____2. Maaaring tanggalin ang karapatan ng isang mamamayan kahit na hindi siya lumabag sa anomang batas.
- _____3. Makatutulong ang pag-unawa sa ating mga karapatan bilang mamamayang Pilipino upang maunawaan natin ang ating dapat ikilos.
- _____4. Hindi mahalaga ang mga karapatan ng mamamayang Pilipino.
- _____5. Mainam ang pagtatakda ng mga karapatang sibil at karapatang politikal upang mas malinaw para sa mamamayang Pilipino ang mga bawal labagin sa batas.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin sa dalawa ang buong klase. Paghambingin ang dalawang uri ng karapatan—ang **karapatang sibil** at ang **karapatang politikal**. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad nito?

Dalawang Uri ng Karapatan	Pagkakaiba	Pagkakatulad
Karapatang Sibil		
Karapatang Politikal		



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang karapatan ng isang mamamayan ay kusang ipinagkakaloob ng pamahalaan sa tulong at gabay ng konstitusyon.
- Ito ay hindi maaaring tanggalin ng sinoman ng basta-basta at hindi maaaring ipagkait sa kanya lalo kung ito ay walang batas na nilabag.
- Ang karapatang sibil at pagboto ay ilan lamang sa maraming karapatan ng isang tao sa Pilipinas.

Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Humanap ng dalawang kasama sa iyong pangkat. Maglista ng tatlong karapatan. Ipaliwanag ang bawat pagkakataon o pangyayaring at kung paano ninyo nagagamit ang inyong karapatan bilang mamamayang Pilipino.

Tatlong Karapatan	Paliwanag	Paano Ito Nagagamit?
1.		
2.		
3.		

ARALIN 22

Tungkulin ng Mamamayang Pilipino

Matututuhan mo sa araling ito ang mga tungkuling kaakibat ng karapatan ng pagiging mamamayang Pilipino. Iisa-isahin dito ang tungkulin sa karapatang panlipunan at karapatang pangkabuhayan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang mga tungkulin ng isang mamamayan.
- ◇ Maunawaan ang mga tungkuling kaakibat ng mga karapatan ng pagiging mamamayan.
- ◇ Mapahalagahan ang mga karapatan at tungkulin ng pagiging mamamayan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Magsulat ng repleksyon kung paano mo nagagampanan ang iyong mga tungkulin bilang mamamayang Pilipino.



Pagtatanim ng Kaalaman

Tinalakay sa naunang aralin ang mga karapatan ng isang mamamayang Pilipino. Kaakibat ng mga karapatang ito ay ang pag-alam sa mga tungkulin o ang obligasyon na dapat ding gampanan. Ginagawa ang mga tungkulin na ito para mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa bansa.

Kaakibat na Tungkulin ng Karapatang Panlipunan

Ang mamamayang Pilipino ay may mga karapatan na may kaakibat na tungkulin. Isa-isahin ang sumusunod:

- **Karapatan ng mamamayang Pilipino na mabuhay nang malaya** – may kaakibat itong tungkulin na sumunod sa mga alituntunin sa komunidad. Sa iyong kalagayan, isang halimbawa ay maaaring maglaro ang mga bata. Subalit, tungkulin munang tapusin ang anomang takdang-aralin o gawaing-bahay na kailangang gawin. Tungkulin din na humingi ng gabay sa nakatatanda kung sa labas ng bahay maglalaro kasama ang mga kaibigan.
- **Karapatan ng mamamayang Pilipino na magkaroon ng sariling ari-arian** – tungkulin naman nito na pangalagaan at gamitin sa legal na layunin o paraan ang mga pribadong ari-arian na ito.
- **Karapatan ng mamamayang Pilipino na magpahayag ng sariling saloobin, damdamin, o opinion** – tungkulin nating pakinggan at irespeto rin ang ibang saloobin, damdamin, at opinyon na hindi katulad sa atin. Ang pagsisimula ng hindi pagkakaintindihan ay makasisira sa kapayapaan sa bansa.
- **Karapatan ng mamamayang Pilipino na bumoto** – tungkulin nating pag-isipan ang sa tingin nating karapat-dapat na mamuno at maihalal sa pwesto sa lokal o pambansang pamahalaan man. Hindi man ito tuluyang karapatan sapagkat isang pribilehiyo, ang pagboto

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, bakit mahalagang humingi ng gabay sa nakatatanda kapag maglalaro sa labas?

ay kailangan pa ring seryosohin. Tungkulin nating maging malinis ang eleksyon.

- **Karapatan ng mamamayang Pilipino na mamili sa paniniwalang relihiyon** – tungkulin natin na bigyang-respeto ang relihiyon ng iba kahit hindi katulad ng sa atin. Ang pagpapahayag ng sariling pananampalataya ay hindi sa lahat ng pagkakataon pareho sa iba. Kaya naman, tungkulin nating hindi ipilit ang ginagawa natin na gawin din ng iba.

Kaakibat na Tungkulin ng Karapatang Pangkabuhayan

- **Karapatan ng mamamayang Pilipino na mamili kung anong trabaho ang nais nating pasukan** – tungkulin nating magtrabaho para sa ating sarili. Para rin ito sa ating pamilya at magiging pamilya sa hinaharap. Kapag tayo ay may trabaho, makatatanggap tayo ng sahod na katumbas ng ating serbisyong ibinigay. Magagamit natin ang perang ito upang makapagpatayo ng bahay o makahanap ng titirhan, makabili ng pagkain, mapangalagaan ang ating sarili at pamilya, at makagawa ng mga gusto natin sa buhay.
- **Tungkulin din nating gampanan nang buong husay ang trabahong ito sa pamamagitan ng paggawa ng ating buong-makakaya** – isaisip na ang ating napiling propesyon ay may maitutulong para sa sambayanang Pilipino at hindi para sa iilan lamang.
- **Tungkulin din nating panatilihin ang maayos na kondisyon sa lugar ng trabaho** – halimbawa nito ay ang pagkakakaroon nang maayos na pakikitungo sa kapwa manggagawa.

Pag-isipan:

Sa iyong palagay, bakit kailangan nating magbayad ng buwis?

- **Tungkulin ding magbayad ng buwis sa pamahalaan ng mga taong naghahanapbuhay** – ito ay nakasaad sa batas na kailangang sundin ng sinomang maamamayang Pilipino.

Tandaan na ang bawat karapatan ay may kaakibat na tungkulin. Ito ay dahil bilang isang mamamayan, mayroon din tayong kailangang isaisip na kapwa nakatatamasa rin ng mga karapatang nararanasan natin. Isa itong tungkulin ng pagkamamamayan ng isang bansa at sinusunod ito sa Pilipinas.



Pagbibinhi ng Kasanayan


Panuto: Isulat ang **tama** kung sumasang-ayon ka sa pahayag at **mali** kung hindi.

- _____1. Hindi dapat sundin ang mga tungkuling nakaatas sa mga mamamayang Pilipino.
- _____2. Karapatan ng mamamayang Pilipino na magpahayag ng sariling saloobin, damdamin, o opinyon.
- _____3. Ang bawat karapatan ay may kaakibat na tungkulin.
- _____4. Walang karapatan ang mamamayang Pilipino na mamili kung anong trabaho ang nais nating pasukan.
- _____5. Ang pagsunod sa bawat tungkulin ay nakaaambag sa pananatili ng kapayapaan ng bansang Pilipinas.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin sa lima ang buong klase. Gumawa ng isang *web diagram* na nagpapakita sa mga tungkulin ng mga mamamayang Pilipino na hindi nabanggit sa aralin.





Pag-aararo ng Kabuoan

- Kaakibat ng pagprotekta ng isang bansa sa mamamayan nito at pagkilala sa karapatan ng mga nakatira rito ay ang tungkuling kailangang gampanan sa ating lipunan. Ang mga karapatang ito ay natatamasa ng lahat.
- Kailangang mapangalagaan ang mga karapatan at tungkulin sapagkat, ito ang nagsasabi at nagtatakda ng mga maaari at hindi maaaring gawin ng isang mamamayan sa kaniyang lipunang ginagalawan.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Humanap ng tatlong kasapi ng iyong pangkat at kumapanayam sa inyong komunidad tungkol sa kung ano ang tungkulin nila bilang mamamayan. Itala ang nakalap na impormasyon sa *bond paper*. Gumawa ng talahanayan upang mas maging organisado ang mga nakalap na datos.

ARALIN 23

Kagalingang Pansibiko



Matututuhan mo sa araling ito ang mga kagalingang pansibiko. Matatalakay rito ang mga halimbawang kagalingang pansibiko na ginagawa o nagawa na sa Pilipinas. Sa huli, inaasahan na makasusulat ka ng pagpapahalaga sa mga kagalingang pansibikong iyong natutuhan.



Layunin

- ◇ Matalakay ang konsepto ng kagalingang pansibiko.
- ◇ Maunawaan ang mga kagalingang pansibiko.
- ◇ Mapahalagahan ang kagalingang pansibiko para sa pag-unlad ng pagkamamamayan.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Mag-isip at magsulat ng isang kagalingang pansibiko na naisagawa na sa inyong lugar. Sikaping mailista ang mga detalye sa pagsasagawa nito.



Pagtatanim ng Kaalaman

Ang **sibika** ay tumutukoy sa sangay ng agham pampolitika na may kinalaman sa kapakanan, tungkulin, at karapatan ng mamamayan. Nabibigay-pokus ito sa lahat ng prosesong nakaaapekto sa mga paniniwala, kakayahan, at pagkilos ng mga tao bilang mga miyembro o mga inaasahang miyembro ng mga komunidad.

Ang **kagalingang pansibiko** ay anomang paraan na kayang gawin ng mamamayan para sa ikabubuti ng kaniyang kapwa. Ginagawa ito nang may pagkukusang-loob, pagmamalasakit, at walang inaasahang kapalit. Ang mga kagalingang pansibiko ay ginagawa sa pamamagitan ng mga aktibidad para sa lipunan.

Karaniwang saklaw ng kagalingang pansibiko ang mga gawaing may kinalaman sa edukasyon, kalikasan, serbisyong publiko, kalusugan, kabuhayan, at kapayapaan. Makikita ito mula sa maliliit na bagay tungo sa mas malalaking aktibidad na kinabibilangangan ng mga mamamayan ng bansa.

Ilan sa mga halimbawa ng kagalingang pansibiko ay ang pagsali sa brigada eskwela tuwing magsisimula ang klase. Nagtutulong-tulong dito ang mga magulang at mga guro upang ayusin ang mga silid at kagamitan sa paaralan. Isa rin ang pagbo-volunteer o ang pagtutulong-tulong sa pag-aayos ng mga *relief goods* para sa mga naapektuhan ng kalamidad. Isa rin ang pagsasagawa ng *fund raising activity* para sa isang misyong makatulong sa kapwa. Isa ring halimbawa ang pagkakaroon ng *feeding program* para sa mga mamamayang kailangan ng tulong sa pagkain.

Pag-isipan:

Ano ang kahalagahan ng pagsali sa brigada eskwela?



Para naman sa usaping kalusugan, kakikitaan ng kagalingang pansibiko ang pagsasagawa ng *blood donation*. Boluntaryo itong ginagawa upang makatulong sa mga nangangailangang may sakit o pangangailangang medikal. Para sa pang-kalikasan, nariyan ang *clean-up drive* na mga aktibidad para pagmalasakitan ang dalampasigan o anomang anyong tubig at anyong lupa.



Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa mamamayan o komunidad?

Paano makatutulong ang mga mag-aaral?

Ang **National Service Training Program** o **NSTP** ay programa sa mga paaralan na nagtuturo tungkol sa kagalingang pansibiko. Nakapagsasagawa rito ng mga *immersion* o ang pagbisita sa mga komunidad, *outreach programs* o ang pagtulong sa mga tao sa isang barangay, *clean-up drive* sa mga dalampasigan, at iba pa. Samantala, ang **Reserve Officers' Training**

Corps o ROTC naman ay bahaging programa sa NSTP kinukuha ng mga mag-aaral para sa pagsasanay sa militar. Bahagi ng programang ito ang pagpapaliwanag sa mga mag-aaral kung paano ipagtanggol ang teritoryo at soberanya ng Pilipinas.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Isulat ang **tama** kung sumasang-ayon ka sa pahayag at **mali** kung hindi.

- _____1. Ang anomang kagalingang pansibiko ay kinakailangan ng kaisahan ng mga mamamayan.
- _____2. Hindi mahalaga ang kagalingang pansibiko para sa mamamayan.
- _____3. Ang serbisyo ng pamahalaan ay kailangan upang mas maging matagumpay ang anomang kagalingang pansibiko.
- _____4. Malaki ang maitutulong ng mag-aaral sa kagalingang pansibiko, isa na rito ang pagdalo sa programang NSTP.
- _____5. Mainam ang pagsasaisip ng kalagayan ng kapwa kapag gumagawa ng anomang kagalingang pansibiko.



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Pangkatin sa apat ang buong klase. Kumalap ng mga larawan na nagpapakita ng kahalagahan ng kagalingang pansibiko. Gawin itong *collage* at ipasa sa guro pagkatapos.



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang kagalingang pansibiko ay isang aktibidad sa lipunan na nakatutulong upang pagbuklod-buklorin ang mamamayan.
- Ang pagkukusang paggawa at pagboboluntaryo sa mga aktibidad sa pamayanan ay isang hakbangin tungo sa kagalingang sibiko.
- Sa paraang ito, hindi lamang ang mga mamamayan ang napagbubuklod pati na rin ang lipunang ating ginagalawan.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Humanap ng apat na kasapi ng iyong pangkat. Mag-isip at magtala ng dalawang kagalingang pansibiko na maaaring gawin o iorganisa ninyo bilang mga mag-aaral. Magpatulong sa guro ng mga kinakailangang detalye upang mabuo ang inyong ideya. Ibahagi sa harap klase ang nagawa.

ARALIN 24

Pagpapahalaga sa Papel ng Mamamayan sa Kagalingang Pansibiko



Matututuhan mo sa araling ito ang mga impormasyon tungkol sa papel ng mamamayan sa kagalingang pansibiko. Mauunawaan dito kung paano nagiging matagumpay ang kagalingang pansibiko kapag sama-samang kikilos ang mga mamamayan.



Layunin

- ◇ Malaman ang papel ng mamamayan sa kagalingang pansibiko.
- ◇ Mapahalagahan ang papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtataguyod ng karapatan at tungkulin tungo sa pagtamo ng kagalingang pansibiko.
- ◇ Makahikayat ng kapwa upang lumahok sa mga kagalingang pansibiko.



Pagsasaka ng Kagalingan

Panuto: Magsulat ng isang salita na may kaugnayan sa Kagalingang Pansibiko. Maaaring gamitin ang inyong natutuhan sa mga nakaraang aralin.

KAGALINGANG PANSIBIKO



Pagtatanim ng Kaalaman

Mahalaga ang **kagalingang pansibiko** dahil nabibigyang-oportunidad ito sa mga mamamayan na kumilos at tulungan ang kaniyang kapwa. Nagiging paraan din ito upang ma-ensayo ng isang indibidwal ang kaniyang mga karapatan at tungkulin bilang mamamayang Pilipino. Mula sa pakikilahok sa mga gawain sa pamayanan, natutulungan nito ang serbisyo publiko ng isang indibidwal dahil nakasentro sa pagtulong ng kusa ang kaniyang ginagawa.

Mahalaga rin ang papel ng **mamamayan** sa mga kagalingan pansibiko sapagkat kabilang siya mula sa preparasyon, eksekusyon, at pagtatapos ng serbisyo. Siya ang nagiging punong-abala at manlalahok upang maging matagumpay ang kaganapan. Sinisiguro niyang ito ay tutugon sa pangangailangan ng komunidad o bansa.

Kapag lumalahok ang isang mamamayan sa kagalingang pansibiko, nahahasa sa mga aktibidad na ito ang kaniyang pagmamalasakit sa kapwa. Ito ay dahil iniisip niya hindi lamang ang sarili kung hindi pati na rin ang iba. Mula bata hanggang matanda, may kapansanan o wala, may kaya o mahirap, bahagi ng papel ng mamamayan sa kagalingang pansibiko ang isama lahat.

Mahalaga rin ang papel niya sapagkat siya ang nakikinig, nagbabasa, o nagsasaliksik sa mga pangangailangan ng kaniyang kapwa batay sa mga pangyayari sa paligid. Halimbawa, kung kailangan ng *clean-up drive* o *clean campaign* para maayos ang kalikasan, kung kailangan ng seminar o *training* para sa isang partikular na pangangailangan, kung kailangan ng imersyon para mapakinggan ang mga problema ng nasa iba't ibang baryo. Ito ay kaniyang inihahanda bago ang pagsasagawa mismo ng kagalingang pansibiko.

Pag-isipan:

Ano ang konseksyon ng kagalingang pansibiko sa mga karapatan at tungkulin ng mamamayan?



Pag-isipan:

Bilang mag-aaral, dapat ka bang tumulong sa mga gawaing ikauunlad ng kagalingang pansibiko? Bakit?

Lahat ng ito ay mga halimbawa ng papel ng isang mamamayan para sa kagalingang pansibiko. Subalit tandaan na mas matagumpay ang kagalingang pansibiko kung gagawin ito ng sama-sama.



Pagbibinhi ng Kasanayan

Panuto: Maglista ng limang tungkulin mo tungo sa pagtamo ng kagalingang pansibiko. Sikaping ang mga dahilang ito ay hindi nabanggit sa talakayan. Mainam na humugot sa mga personal na karanasan.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Pagpupunla ng Kahusayan

Panuto: Punan ang talahanayan tungkol sa mga tungkulin ng bawat isa sa kagalingang pansibiko.

Tungkulin bilang mamamayan ng inyong baranggay	Tungkulin bilang anak	Tungkulin bilang mag-aaral



Pag-aararo ng Kabuoan

- Ang papel ng mamamayan ay isang hakbangin sa lipunan upang mas maging matagumpay ang aktibidad ng gawaing pansibiko.
- Ang pagtutulungan ng bawat isa ay nakatutulong upang maiangat at ma-*promote* ang kagalingang pansibiko sa ating lipunan.
- Sa paraang ito, nakikita natin ang kahalagahan at ang kabutihang naidudulot nito hindi lamang sa ating kapwa pati na rin sa ating pamayanan.



Pag-aani ng Kakayahan

Panuto: Papangkatin sa apat ang buong klase. Ang bawat pangkat ay kailangan gumawa ng maikling dula o *role play* tungkol sa pagiging mamamayan na may pagpapahalaga sa kagalingang pansibiko. Ipakita sa dula kung ano ang mga tungkulin ng bawat mamamayan sa pagpapabuti ng ating lipunan at ang kahalagahan ng pagiging isang mabuting mamamayan.